

Pampatakarang Gabay sa Pagprotekta ng mga Biktima ng Trafficking



Ang Bali Process

ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking ng mga Tao
at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal

Isang panimulang
gabay para sa mga
tagalikha ng patakaran
at praktisyoner



Ang Bali Process

Ang Bali Process sa Pagpapaluset ng tao, Trafficking ng Tao at Kaugnay na mga Krimeng Transnasyonal (ang Bali Process) ay itinatag noong 2002 at ito ay isang boluntaryo at walang pag-iiral na proseso ng konsultasyon na kapwa pinapanguluhan ng Australia at Indonesia at may mahigit 45 miyembrong bansa at organisasyon.

Dapat iharap ang anumang mga tanong tungkol sa pam-patakarang gabay na ito sa
Regional Support Office (RSO) to the Bali
Process sa:

Email: **info@rso.baliprocess.net**

RSOwebsite:

<http://www.baliprocess.net/regional-support-office>

Nilathala Mayo 2015.

Pagpapasalamat

Ang pampatakarang gabay na ito ay isinagawa ng mga miyembro ng Bali Process, sinuportahan ng Regional Support Office at pinamunuan ng Bali Process Policy Guides Drafting Committee, na binubuo ng mga sumusunod na miyembro:



Lalu Muhamad Iqbal,

Gumaganap na Direktor para sa Proteksiyon ng mga Mamamayang Indonesyan at Pambatas na Lupon, Ministro ng Ugnayang Panlabas, Indonesia (Ka-Pangulo)



Jonathan Martens,

Puno ng Yunit na Pantulong sa Mandarayuhan, Tanggapang Pangrehiyon para sa Asia at Pacific, Internasyonal na Organisasyon para sa Pandarayuhan (Ka-Pangulo)



Megan Chalmers,

Nakatataas na Pambatas na Opisyal, Seksyon para sa mga Krimen Laban sa Tao, Departamento ng Attorney General, Australia



Mohamed Shifan,

Pangalawang Punong Opisyal ng Imigrasyon, Departamento ng Imigrasyon at Emigrasyon, Maldives



Robert Larga,

Direktor para sa Paglilisensiya at Regulasyon, Pangasiwaan ng Pilipinas ukol sa Pagtatrabaho sa Ibang Bansa, Pilipinas



Pinthip Leelakriangsak Srisanit,

Pambayang Piskal, Departamento ng Ugnayang Internasyonal, Tanggapan ng Attorney General, Thailand



Dagdag na suporta sa Drafting Committee mula kay:

Tim Howe,

IOM Koordineytor ng Proyekto, Tanggapan ng Panrehiyong Suporta



Ang Bali Process

Pambungad

Mula nang itatag ito noong 2002, ang Bali Process ukol sa Pagpapaluset ng mga Tao, Trafficking (Pagtatrapik) ng mga Tao at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal (Bali Process) ay maepektong nagpalaki ng kamalayan sa rehiyon ng mga kalalabasan ng paglulusot ng mga tao, trafficking ng mga tao at mga kaugnay na krimeng transnasyonal, at bilang tugon ay nakabuo at nagsagawa rin ng mgaistratehiya at praktikal na pakikipagtulungan. May 48 miyembrong bansa at mga internasyonal na organisasyon, pati ilang bansang nagmamasid at mga ahensiyang internasyonal, ang sumasali sa boluntaryong forum na ito.

Ang mga Nakakataas na Opisyal sa ikawalong Ad Hoc Group Meeting ng Bali Process, ay nagrekomenda na isang grupo ng mga pampatakarang gabay (policy guides) ukol sa mga isyu ng pagkilala at proteksiyon ng mga naitrapik na mga tao ang gagawin ng Bali Process Regional Support Office (RSO) nang may konsultasyon sa mga stakeholder (interesadong partido). Dagdag pa sa direksiyong ito, ang RSO ay nagtatag ng isang Drafting Committee (Komiteng magsusulat ng Burador) na kapwa pinanguluhan ng Pamahalaan ng Republika ng Indonesia at ng International Organization for Migration (IOM) upang gumawa ng burador ng mga pampatakarang gabay. Ang Drafting Committee na ito ay binuo ng mga eksperto mula sa mga Pamahalaan ng Indonesia, Australia, Maldives, Pilipinas, Thailand at ng IOM.

Ang Committee ay nagmiting nang apat na beses, sa isang anim na buwang panahon, na ang layunin ay makagawa ng maikling panimulang gabay para sa mga tagalikha ng patakaran at praktisyoner tungkol sa mga isyung kaugnay sa pagkilala at proteksiyon ng mga biktima ng trafficking. Ang burador na bersyon ng mga gabay ay ipinamudmod sa mga miyembro at tagamasid ng Bali Process para sa kanilang mga pasulat na puna at tinalakay at nirebyu sa isang buong Bali Process Consultation Workshop na ginanap noong ika-23-24 ng Marso, 2015, sa Bangkok, Thailand. Ang mga dumalo ay nagkasundo na ang mga pampatakarang gabay ay makakatulong sa mga tagalikha ng patakaran at praktisyoner sa pagkilala at pagprotekta sa mga biktima ng trafficking. Bilang tugon sa mga puna na natanggap mula sa mga miyembro, binago ng Drafting Committee ang mga burador at isinali ang mga pangunahing pagbabago at rekomendasyon.

Ang mga pampatakarang gabay ay naglalayong magbigay ng pangkalahatang kaalaman sa mga pangrehiyon at pangmundong pamantayan para sa pagkilala at proteksiyon ng mga biktima ng trafficking, masaklaw na kumuha mula sa mga halimbawa ng mabuting pamamalakad mula sa mga miyembrong bansa ng Bali Process. Kaalinsunod sa mga rekomendasyon ng Fifth Ministerial Conference noong Abril 2013, ang mga pampatakarang gabay na ito ay ang pangalawang grupo ng mga Patakarang Gabay ng Bali Process na nakaugnay sa mga temang paksa ng Bali Process at sa mga isyung partikular na ikinababahala ng mga miyembro ng Bali Process. Ang mga ito ay boluntaryo, walang pag-iiral at nilalayon upang gamitin bilang reperensiya ng ibat ibang pambansang ahensiya sa mga Estado ng mga Miyembro ng Bali Process.



Lisa Crawford
RSO Co-Manager (Australia)



Bebek A.K.N. Djundjuran
RSO Co-Manager (Indonesia)



Mga Acronym at Daglat

ASEAN	Association of Southeast Asian Nations (<i>Samahan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya</i>)
Bali Process	Bali Process on People Smuggling, Trafficking in Persons and Related Transnational Crime (<i>Ang Bali Process ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking ng mga Tao at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal</i>)
ILO	International Labour Organization (<i>Samahang Internasyonal para sa Pagtatrabaho</i>)
IOM	International Organization for Migration (<i>Samahang Internasyonal para sa Pandarayuhan</i>)
MOU	Memorandum of Understanding (<i>Memorandum ng Pagkakaunawaan</i>)
NGO	Non-governmental organization (<i>Hindi Pampamahalaang Organisasyon</i>)
Organized Crime Convention	United Nations Convention against Transnational Organized Crime (<i>Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa laban sa mga Organisadong Krimeng Transnasyonal</i>)
RSO	Regional Support Office of the Bali Process (<i>Tanggapan ng Pangrehiyong Suporta sa Bali Process</i>)
Trafficking in Persons Protocol	Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children, supplementing the United Nations Convention against Transnational Organized Crime (<i>Protocol sa Paghadlang, Pagsugpo at Pagparusa sa Trafficking ng mga Tao, Lalo na ng Kababaihan at mga Bata, Dagdag sa Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa laban sa Organisadong Krimeng Transnasyonal</i>)
UN	United Nations (<i>Mga Bansang Nagkakaisa</i>)
UNHCR	United Nations High Commissioner for Refugees (<i>Mataas na Komisyoner ng mga Bansang Nagkakaisa para sa mga Refugee</i>)
UNODC	United Nations Office on Drugs and Crime (<i>Tanggapan ng mga Bansang Nagkakaisa ukol sa Droga at Krimen</i>)

Mga Nilalaman

Pangkalahatang Buod	2
Seksyon 1: Panimula sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking	3
1.1. Internasyonal na batayang pambatas sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking	3
1.2. Mga paghahamon ukol sa proteksiyon	5
1.3. Mga konsiderasyon sa proteksiyon: Mga pangunahing obligasyon at malasakit	6
Seksyon 2: Pagpapairal ng proteksiyon	8
2.1. Panimulang proteksiyon	8
2.2. Proteksiyon sa pamamagitan ng proseso ng pangkrimeng hustisya	10
2.3. Maipagpapatuloy na mga pamproteksiyong solusyon	14
Seksyon 3: Koordinasyon at ang pamamaraang gamit ang maraming stakeholder	17
3.1. Mga pamproteksiyong stakeholder	19
3.2. Koordinasyon sa antas na pulitikal	20
3.3. Koordinasyon sa antas ng pagsasagawa	21
Seksyon 4: Buod ng mga tip para sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking	22



Pangkalahatang Buod

Ang trafficking ng mga tao (human trafficking) ay isang malubhang krimen na may mga malubhang implikasyon sa mga karapatang pantao. Ang mga Estado ay ubligadong bigyan ng proteksiyon ang mga biktima bilang bahagi ng kanilang internasyonal na mga obligasyon sa ilalim ng *Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children (Trafficking in Persons Protocol)* (Protocol sa Paghadlang, Pagsugpo at Pagparusa ng Trafficking ng mga Tao, Lalo na ng Kababaihan at mga Bata) at iba pang mga internasyonal na instrumento, kabilang ang mga kalakarang internasyonal ukol sa mga karapatang pantao, at mga pangakong pangrehiyon. Ang proteksiyon ng biktima ay isa sa mga sandigan ng isang maepektong pagtugon sa krimen ng pangkrimeng hustisya; kung hindi angkop na mapoprotektahan ang mga biktima ng trafficking, hindi sila magkakaroon ng kapangyarihang sumuporta sa mga aksiyon ng pangkrimeng hustisya laban sa mga trafficker (nagtatrapik).

Sa pagtatanggol ng mga obligasyon sa mga biktima ng trafficking, ang Pampatakarang Gabay na ito ay nagmumungkahi na gumamit ng isang **pamamaraang nakasentro sa biktima** na magsasaalang-alang ng mga indibiduwal na pangangailangan ng mga biktima ng trafficking at magbabagay ng mga pamproteksiyong tugon nang naaalinsunod sa mga ito. Ang proteksiyon ng biktima ay hindi dapat may pasubali, o makompromiso, ng kanilang pagsali sa sistema ng pangkrimeng hustisya. Ang mga awtoridad ng Estado ay sinusupportahan sa kanilang gawain kung saan nauunawaan nila ang mga paghahamon sa proteksiyon, at sila ay sinanay upang maepektong matalakay ang mga ito alinsunod sa mga nauugnay na pambatas na batayan at mabuting pamamalakad na internasyonal.

Upang mapairal ang mga pamproteksiyong obligasyon, dapat pangalagaan ng mga Estado ang mga biktima ng trafficking laban sa karagdagang pinsala mula sa oras ng unang pagkontak hanggang sa oras na natamo nila ang isang antas ng sosyo-ekonomikong kakayahang magsarili. Ang **panimulang proteksiyon** na ibibigay sa kanila at dapat tumalakay sa kanilang mga kagyat na kinakailangan at kabilang ang isang angkop na panahon ng pagmumuni-muni na magpapahintulot sa kanila na simulan ang paggaling na pisikal at sikolohikal mula sa kanilang karanasan at makagawa ng desisyon tungkol sa hinaharap, kabilang ang pagsali o hindi pagsali sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya. Para sa mga biktimang handa at kayang gumawa nito, itinuturing na mabuting pamamalakad na makapaglahad ng mga kuru-kuro at alalahanin ang mga biktima, pag-isipan at talakayin sa bawat bahagi ng proseso. Dahil ang mga banta sa mga biktima ay palaging nagbabago, ang mga pamproteksiyong plano ay dapat baguhin batay sa mga pagtatasa ng panganib.

Ang maepektibo at **maipagpapatuloy na pamproteksiyong solusyon** ay maaaring makatulong sa mga biktima na mabawing muli ang kanilang pagsasarili at makihalong muli sa lipunan sa pamamagitan ng pagiging kasali na may sariling kakayahan sa pang-ekonomiko at panlipunang buhay ng kanilang mga komunidad. Ang Gabay na ito ay nagtatampok sa paglapit sa **kompensasyon** sa pamamagitan ng mga prosesong pangkrimen at pangmamamayan bilang isang mahalagang dahilan sa matagumpay na paggaling at pakikihalong muli sa lipunan. Ang mga biktima ng transnasyonal na trafficking ay maaaring makabalik sa kanilang pinagmulang bansa, manatili sa bansa kung saan sila nakilala, o manirahan sa ibang lugar, pagkatapos ng isang panahon ng pagmumuni-muni at pagbuti mula sa kanilang mga karanasan, o pagkatapos ng mga kriminal na paglilitis laban sa mga trafficker. Ang pagpapasiya kung aling opsyon ang nasa pinakamabuting kapakanan ng biktima, dapat isaalang-alang ang banta ng paghihiganti at intimidasyon.

Bagaman ang obligasyon sa pangangalaga ng mga biktima ng trafficking ay nasa mga Estado, may ibang mga tagaganap na may mahalagang papel sa pagsuporta sa kanila na maisatupad ang mga obligasyong iyon. Kaya, ang koordinasyon ng mga Estado at hindi-Estadong tagaganap ay mahalaga. Ang mga hindi-Estadong tagaganap ay maaaring may mga espesyalistang kasanayan sa paglikha ng pagtitiwala at mabuting pakikipagtunguhan sa mga biktima, maunawaan ang kanilang pamproteksiyong pangangailangan, at makapaghatid ng maepekto at masaklaw na serbisyo upang talakayin ang mga ito. Ang maepektong proteksiyon ay maaaring mangailangan din ng pakikipagtulungan ng mga Estado. Ang mga matatag na paraan ng bilateral (dalawahan) at pangrehiyong pakikipagtulungan na mayroon sa rehiyon ng Asia-Pacific, kabilang ang Bali Process, ay matibay na batayan kung saan patatatagin ang pakikipagtulungan kaugnay ng proteksiyon. Ang Pampatakarang Gabay na ito ay iniaalay na gamitin upang suportahan ang mga Estado sa mahalaga nilang trabaho sa paggawa ng mga prosesong pamproteksiyon at pagpapare-pareho sa kanila sa buong rehiyon.

Seksyon 1:

Panimula sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking

1.1. Ang internasyonal na batayang pambatas para sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking

Ang Artikulo 25 ng United Nations Convention against Transnational Organized Crime (the Organized Crime Convention), ay nag-uubliga sa mga Partidong Estado na magbigay ng tulong at pangalagaan ang mga biktima, lalo na sa mga kaso ng banta ng paghihiganti o intimidasyon, at gumawa ng mga angkop na proseso sa paglapit sa pagsasauli at kompensasyon para sa mga biktima. Ang proteksiyon ng mga biktima ay isa sa mga isinaad na layunin ng Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children (Trafficking in Persons Protocol) na nagsusuplemento sa Organized Crime Convention (Kapulungan ukol sa Organisadong Krime). Ang Artikulo 6 ng Trafficking in Persons Protocol ay nagtatakda na ang mga Estado ay:

- Dapat, sa mga angkop na kaso, at hanggat maaari, protektahan ang pagkakakilanlan at pagiging pribado ng mga biktima, kabilang ang pagiging kompidensiyal ng mga prosesong pambatas (Artikulo 6(1));
- Dapat, sa mga angkop na kaso, magbigay sa mga biktima ng impormasyon tungkol sa mga prosesong pang-korte at pang-administrasyon, at ng tulong sa paghaharap ng kanilang mga kuru-kuro at alalahanin sa korte ng kriminal na paglilitis, sa isang paraang hindi makasasama sa tagapagtanggol (Artikulo 6(2));
- Dapat maglaan para sa pisikal, sikolohikal at panlipunang pagbuti ng mga biktima, kabilang ang paglalaan ng pabahay; pagpapayo at impormasyon; tulong na medikal, sikolohikal at materyal; at trabaho, mga oportunidad sa pag-aaral at pagsasanay. (Artikulo 6(3));
- Dapat magsikap na magbigay ng kaligtasang pampisikal sa mga biktima (Artikulo 6(5));
- Dapat tiyaking ang pambatas na sistema ay magbibigay sa mga biktima ng posibilidad na makakuha ng kompensasyon para sa dinanas na pinsala (Artikulo 6(6)).

Ang Trafficking in Persons Protocol ay nagbibigay-diin din na ang mga Estado ay dapat magsaalang-alang ng edad, kasarian at indibiduwal na pangangailangan ng mga biktima ng trafficking, lalo na ang espesyal na pangangailangan ng mga bata tulad ng angkop na pabahay, edukasyon at pangangalaga (Artikulo 6(4)).

Tip: Sundin ang mga pangunahing tuntunin para sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking

- Ang mga biktima ay hindi dapat ikulong, kasuhan o isakdal dahil sa pagpasok nang labag sa batas o sa pananatili sa isang Estado, o sa iba pang labag sa batas na mga kilos o sa mga krimeng nagawa nila bilang resulta ng pagkatrapik.
- Ang mga biktima ay dapat makaabot sa sapat na pangangalagang pisikal at sikolohikal
- Ang mga biktima ay dapat bigyan ng pambatas at iba pang tulong sa anumang mga kriminal, pangmamamayan o iba pang paglilitis
- Ang mga batang biktima ay dapat bigyan ng angkop na tulong at proteksiyon, alinsunod sa kanilang espesyal na mga karupukan, karapatan at pangangailangan
- Ang mga biktima ay dapat garantiyahan ng ligtas na pagbalik (at kung maaari, boluntaryo) ng mga Estadong tumanggap at pinagmulan
- Ang mga biktima ay dapat makalapit sa mga maepekto at angkop na pambatas na lunas

Tingnan ang Office of the High Commissioner for Human Rights (OHCHR) Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking

Ang mga kondisyong nasa Trafficking in Persons Protocol ay dapat maunawaan sa malawak na kahulugan ng internasyonal na karaniwang pagbabalangkas para sa tulong at proteksiyon ng mga biktima ng trafficking. Ayon sa Artikulo 14(1), dapat maunawaan ang Protocol alinsunod sa internasyonal na batas, kabilang ang internasyonal na mga karapatang pantao at makataong batas.

Ang 1951 Convention relating to the Status of Refugees at 1967 Protocol relating to the Status of Refugees at ang prinsipyo ng non-refoulement (hindi pagpapalabas o pagpapabalik) ay partikular na tinukoy upang bigyang-diin na ang mga Estado ay hindi maaaring magpalabas o magpapabalik ng isang refugee o isang humihiling ng asylum sa lugar kung saan ang buhay o kalayaan niya ay manganganib dahil sa kanyang lahi, relihiyon, pagkasapi sa isang partikular na grupo o pulitikal na opinyon.¹ Dagdag pa, ang Artikulo 14(2) ng Trafficking in Persons Protocol ay nagpapaliwanag na ang mga hakbang na ginawa sa pagsasagawa nito ay dapat nakaayon sa mga internasyonal na prinsipyo ng walang diskriminasyon, nangangahulugan na ang isang tao ay hindi dapat diskriminahan batay sa anumang katangian, kabilang ang kanyang pandarayuhang katayuan at iba pa.

Tip: Ipairal ang mga pamproteksiyong kondisyon sa internasyonal na batas

Ang mga Estado ay hinihimok na sumunod sa halimbawa ng mga Estado na gumawang lampas pa sa pinakamababang pamantayang nasa Trafficking in Persons Protocol, halimbawa, sa pagsisimula ng mga sistema sa kompensasyon sa labas at dagdag pa sa mga kriminal na paglilitis.

Non-refoulement sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking

Ang obligasyon ng mga Estado na hindi ibabalik ang isang tao sa teritoryo kung may panganib na ang kanyang buhay o kalayaan ay manganganib, o ang tao ay uusigin, ay tukoy sa lahat ng tao at may implikasyon para sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking.² Lalo na ang nauugnay sa mga bata, ang Committee on the Rights of the Child ay nagtakda na: “Ang pagbabalik sa pinagmulang bansa ay hindi opsiyon kung ito ay hahantong sa isang ‘makatwirang panganib’ na ang pagbabalik na iyon ay magresulta sa paglabag sa mga batayang karapatan ng bata, at, lalo na, kung ang prinsipyo ng non-refoulement ay nakatukoy. Ang pagpapabalik sa pinagmulang bansa ay, sa prinsipyo, dapat lamang gawin kung ang pagpapabalik ay nasa mabuting kapakanan ng bata.”³

Tungkol naman sa mga batang biktima ng trafficking, ang Artikulo 39 ng Convention on the Rights of the Child (CRC) ay nag-uubliga sa mga Estado na itaguyod ang pisikal at sikolohikal na pagbuti at pakikihalong muli sa lipunan ng mga batang biktima. Ang Artikulo 3 ng CRC ay nag-uubliga sa mga Estado na isaalang-alang ang mga pinakamabuting kapakanan ng bata sa lahat ng bagay na tungkol sa mga bata. Ang pagsasaalang-alang para sa pinakamabuting kapakanan ng mga bata ay dapat pormal na isali sa mga proseso at patakaran para sa pagtulong at proteksiyon ng mga batang biktima ng trafficking. Kapag ang isang biktima ng trafficking ay makatwirang inakala na wala pang 18 taong gulang, siya ay marapat sa mas mataas na pamantayan ng tulong at proteksiyon na ibinibigay sa mga batang biktima nang hindi mangangailangang patunayan ang kanyang edad, o hanggang sa ang kanyang edad ay makumpirmi sa pamamagitan ng mga angkop na pagtatasa ng edad.

¹ Tingnan ang Article 33(1) of the 1951 Refugee Convention relating to the Status of Refugees, Article 3 of the Convention against Torture at ang Article 16 ng International Convention for the Protection of All Persons from Enforced Disappearance. Tingnan din ang Article 7 ng International Covenant on Civil and Political Rights, na binigyang-kahulugan ng United Nations Human Rights Committee bilang nangangailangan ng pagbabawal sa refoulement. Tingnan ang: UN Human Rights Committee (HRC), CCPR General Comment No. 20: Article 7 (Prohibition of Torture, o ang Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment), 10 March 1992, paragraph 9.

² 1951 Refugee Convention relating to the Status of Refugees, Article 33(1). Tingnan din ang Trafficking in Persons Protocol, Article 14, at ang International Covenant on Civil and Political Rights, 16 December 1966, Articles 6 and 7. Ang prinsipyo ng non-refoulement ay naging turtunin din ng customary international law (internasyonal na pangkaugaliang batas).

³ Committee on the Rights of the Child, General Comment No. 6, (2005), Treatment of unaccompanied and separated children outside their country of origin, Paragraph 84. Ang Estado ay dapat tumiyak na ang mga awtoridad na hinirang upang magpasiya sa pinakamabuting kapakanan ng bata ay kayang gumawa nito nang hindi magtitimbang ng kapakanan ng bata kontra sa iba pang mga malasakit, kabilang ang mga malasakit ng Estado. Para sa higit pa, tingnan ang: UNHCR Guidelines on Determining the Best Interests of the Child, UNHCR, May 2008, na makukuha sa: <http://www.refworld.org/docid/48480c342.html>

Lahat ng indibiduwal na nasa hurisdiksiyon ng isang Estado, kabilang ang mga hindi mamamayan, ay may mga buod na karapatang pantao. Ang *International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR)*, na nagtatakda ng karapatan sa kalayaan mula sa pang-aalipin, pagkaalipin at sapilitang paggawa, ay nagpapatunay ng karapatan sa isang maepektong lunas para sa mga taong ang mga karapatan sa ilalim ng Convention ay nalabag. Ang UN Human Rights Council ay nagsaad na ang karapatan sa isang maepektong lunas ay pumapalibot sa obligasyong iharap sa katarungan ang mga nagkasala, at magbigay ng angkop na reparasyon sa mga biktima.

Maraming mga uri at pamantayan na nagbibigay-diin sa mga obligasyon ng Estado na protektahan ang mga hindi mamamayang biktima at saksi.⁴ Sa ganitong bagay, ang Artikulo 5(b) ng *International Convention on the Elimination of Racial Discrimination* at Artikulo 16(2) ng *International Convention on the Protection of the Rights of All Migrant Workers and Members of Their Families* ay may partikular na kaugnayan. Sa ilalim ng mga kondisyong ito, ang mga Partidong pang-Estado ay kinakailangang magbigay ng maepektong pangkrimeng hustisya na proteksiyon para sa lahat ng tao, kabilang ang mga nasa labag sa batas na katayuan, na dumaranas ng pisikal at sekswal na karahasan, na ibibigay ng mga opisyal ng Estado o ng mga tagaganap na pribado.

Ang ilang mga *International Labour Organization (ILO) Convention* ay natutukoy rin. Ang *Convention No. 29 on Forced or Compulsory Labour* (1930) at ang 2014 Protocol thereto (Hunyo 2014), ay may epekto ng pagpapatatag ng proteksiyon para sa mga biktima ng sapilitang paggawa at trafficking ng mga tao. Ang Recommendation No. 203 ng Sapilitang Paggawa (mga Suplementong Hakbang) ay nagtatakda ng pamproteksiyong hakbang kabilang ang para sa kompensasyon ng mga biktima, at ang *Convention No. 182 on the Worst Forms of Child Labour* ay tumatalakay sa proteksiyon ng mga bata. Dagdag pa, ang *Convention No. 189 concerning Decent Work for Domestic Workers* (2011) ay nangangailangan sa mga Miyembrong Estado na magtaguyod at magprotekta ng mga karapatang pantao ng lahat ng domestikong manggagawa sa pamamagitan ng pangangailangang magkaroon ng kontrata, sa pagtiyak na ang mga manggagawa ay may karapatang maghawak ng kanilang mga dokumentong panlabay at pagkakakilanlan, at kontrolahin ang mga pribadong ahensiya sa trabaho.

1.2. Mga paghahamon ukol sa proteksiyon

Ang mga biktima ng trafficking ng mga tao⁵ – maging anuman ang kanilang pandarayuhan o iba pang katayuan – ay dapat maprotektahan laban sa karagdagang pinsala. Ang mga Estado ay ubligadong pangalagaan ang mga biktima upang maipagtanggol ang kanilang mga karapatang pantao. Ang proteksiyon ng biktima, kabilang ang proteksiyon para sa mga biktimg magsisilbing saksi sa kriminal na paglilitis, ay isang sandigan din ng mga maepekto at masaklaw na tugon sa trafficking ng mga tao na binigyang-kahulugan ng Artikulo 3 ng Trafficking in Persons Protocol.⁶

Sa kabila pa ng mga panimulang paghahamon sa pagkilala ng mga potensyal na biktima ng trafficking⁷, may ilang dagdag na paghamon na hinaharap ng mga Estado sa pagtupad ng kanilang mga pamproteksiyong obligasyon. Ang mga biktima ng trafficking ay maaaring atubiling tumanggap ng proteksiyon ng Estado, sa kaparehong kadahilanan na hindi nila nais na makilala ng mga pambansang awtoridad.⁸ Maaaring walang tiwala at kompiyansa ang mga biktima sa mga institusyong pang-Estado at sa kanilang kakayahang pangalagaan ang mga biktima at kanilang pamilya laban sa pinsala, lalo na kung ang mga kapamilya ay nasa ibang Estado o hurisdiksiyon. Maaaring mas gustuhin ng ilang biktima na manatili sa pagkontrol ng kanilang mga trafficker kaysa makipag-ugnayan sa mga pambansang awtoridad. Dahil ang mga biktima ay may ibat ibang edad, kasarian, katayuang pang-ekonomiko, edukasyon at bakgraun ng pamilya, at may ibat ibang karanasan, motibasyon at hangarin, ang solusyong ‘isang-sukat-husto-sa-lahat’ ay hindi maepekto.⁹

4 Tingnan para sa halimbawa, ang mga pamproteksiyong kondisyon para sa mga biktima at saksi sa UN Declaration of Basic Principles of Justice for Victims of Crime and Abuse of Power, A/RES/40/34, (29 November 1985), (Article 6(d)); Guidelines on Justice in Matters Involving Child Victims and Witnesses (Nos. 32-34); Articles 24 to 26 of UNTOC; Articles 6 to 8 of the Trafficking in Persons Protocol; Article 16(2) of the Protocol against the Smuggling of Migrants by Land, Sea, and Air, supplementing the United Nations Convention against Transnational Organized Crime (Smuggling of Migrants Protocol); at Article 32 of the UN General Assembly, United Nations Convention Against Corruption, 31 October 2003, A/58/422.

5 Sa buong dokumentong ito, ang salitang ‘trafficking ng mga tao’ ay ginagamit upang tumukoy sa ‘trafficking ng mga tao’ ayon sa binigyang-kahulugan sa Artikulo 3 ng Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children (Trafficking in Persons Protocol). Tingnan din ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015.

6 Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Policy Guide on Criminalizing Trafficking in Persons, Bali Process, 2014.

7 Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015.

8 Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015, section 2.2.

Ang mga hindi mamamayang walang karapatang manatili sa bansa kung saan sila nakilala ay maaaring humarap ng mga partikular na hadlang sa paglapit sa mga pamproteksiyong serbisyo, kabilang ang paglapit sa kompen-sasyon o paghabol ng mga hiling, ngunit lahat ng tao, maging anuman ang kanilang pandarayuhang katayuan ay dapat maging marapat na makalapit sa ganoong mga serbisyo.¹⁰

1.3. Mga konsiderasyon sa proteksiyon: Mga pangunahing obligasyon at malasakit

Ang proteksiyon ay isang mahalagang bahagi ng isang masaklaw na pagtugon sa trafficking ng mga tao.¹¹ Kung hindi maepektong napoprotektahan ang mga biktima ng trafficking, maaaring patuloy silang mapagsamantalahan, hindi gumaling mula sa pagsasamantala sa kanila o muling mahulog sa siklo ng trafficking. Ang mga Estado ay ubligadong protektahan ang mga biktima, kahit pumayag sila o hindi na sumali sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya. Kung ang mga biktima ay handang sumali sa mga imbestigasyon o pag-uusig, ang kanilang mga testimonya ay maaaring maging mahalaga tungo sa pagsulong ng mga malasakit ng Estado sa pagtuklas, pag-imbestiga at pag-usig ng mga trafficker. Ang pagtiyak na ang mga biktima ay maepektong napoprotektahan ay nagpapalaki ng posibilidad na makakasali sila sa mga pagsisikap ng mga nagpapatupad ng batas na iharap ang mga trafficker sa hustisya.

Upang maging maepekto, ang mga pagtugon ng Estado ay dapat nakasentro sa biktima at masaklaw, na nagsasaalang-alang ng mga indibiduwal na pangangailangan at malasakit ng bawat biktima. Kabilang sa mga pangunahing konsiderasyon para sa mga pamproteksiyong at pantulong na plano ang mga sumusunod:

- Nais ng ilang biktima na umuwi at makasamang muli ang kanilang mga pamilya. Ang iba ay hindi kaagad-agad na maibabalik sa kanilang mga komunidad, at maaaring mangailangan ng pagpapayo, kumuha ng paggagamot na medikal at sikolohikal, at/o humiling ng pambatas na pagwawasto, kabilang ang pagsali sa imbestigasyon at pag-uusig ng mga kasong trafficking
- Ang ilang biktima ay hindi makababalik dahil ang mga nangangalap o iba pa sa kanilang pinagmulang bansa ay maaaring magpatuloy na maging banta sa kanila. Sa ganitong mga kaso, ang pinakamabuting pamamalakad ay ang bigyan sila ng mga maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas sa mga Estado kung saan sila nakilala o sa pangatlong Estado
- Ang mga pamproteksiyong serbisyo ng mga Estado ay hindi dapat di-magpasama o di-magpansin ng ilang kategorya ng mga indibiduwal, halimbawa, mga lalaki o mga biktima ng trafficking na pangdomestiko
- Ang proteksiyon ay dapat ibagay sa mga pangangailangan ng mga indibiduwal at gumamit ng mga tagapagbigay ng serbisyo na may tiyak na mga kasanayan at karanasan sa pagharap sa mga partikular na paghamong haharapin ng mga biktima ng trafficking. Ang ilang indibiduwal ay maaaring nasa panganib ng paghihiganti mula sa mga trafficker, habang ang iba naman ay maaaring humarap sa mga hadlang sa proteksiyon na kailangang talakayin. Ang ilang biktima ay maaaring mangailangan ng higit pang panahon sa paggaling kaysa sa iba, o mangailangang makalapit sa partikular na mga serbisyo upang tulungan silang gumaling
- Ang pagtiyak na ang mga biktima ay tatanggap ng espesyalistang proteksiyon ay madalas mangangailangan ng pakikipagtulungan ng mga espesyalistang tagaganap na makakatulong sa Estado sa pagpapatupad ng kanilang obligasyon sa pagprotekta ng mga biktima
- Ang mga biktima ay dapat magkaroon ng kasarinlan at sumali sa mga desisyong nauugnay sa kanilang tulong at proteksiyon. Dapat bigyan ng pagsasaalang-alang ang mga tiyak na pangangailangan ng mga indibiduwal na biktima, kabilang ang dahil sa kanilang edad, kasarian, oryentasyon, nasyonalidad, pinagmulang lahi o lipunan, kapinsalaan at iba pang mga katangian.

Ang pamproteksiyong pangangailangan ng mga biktima ay maaaring magbago mula sa oras na sila ay nakilala sa pamamagitan ng anumang pagsali sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya, at makaraan ang katapusan ng nasabing mga proseso. Kaya, ang mga Estado ay dapat laging gumagawa ng pagtatasa sa panganib upang tiyakin na ang mga pamproteksiyong serbisyo ay umaakma sa pagbabago ng mga pangangailangan.

⁹ Sa ilang bansa, hindi sapat ang mga serbisyong nakukuha para sa mga biktima ng trafficking batay sa kanilang mga personal na katangian. Halimbawa, ang ligtas na akomodasyon sa mga pasilidad na kanlungan ay para lamang sa mga biktimang babae.

¹⁰ Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015, section 2.2.

¹¹ Tingnan ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015, section 2.1. "Bakit mahalaga ang pagkilala".

Dahil ang trafficking ng mga tao ay madalas isang krimeng tumatawid ng hangganan, mahalagang tiyakin na: a) ang mga pamproteksiyong programa para sa biktima ay nakatukoy kapwa sa mga biktima mamamayan at hindi mamamayan; at b) magtatag ng internasyonal na pakikipagtulungan na bilateral, pangrehiyon at maramihan, alinsunod sa mga kondisyon ng Organized Crime Convention at ng Trafficking in Persons Protocol, upang matiyak na ang mga isyung pang-hangganan at panghurisdiksiyon ay hindi magpapabagal sa kakayahan ng Estado na maipatupad ang kanilang obligasyon upang maprotektahan ang mga biktima. Ang ahente ng konsulado sa tumatanggap na bansa ay maaaring gumanap ng mahalagang tungkulin sa pagkilala ng mga biktima at pagbibigay sa kanila ng kagyat na tulong at proteksiyon sa oras ng unang pagkontak, at dapat ay may angkop na kakayahang gawin ito.¹²

Ang paggamit ng pamamaraan nakasentro sa biktima ay dapat ibatay sa mga pangunahing konsiderasyon ng kaligtasan, pagiging kompidensiyal at walang pagtatangi-tangi, kung ang biktima ay sasali o hindi sa proseso ng pangkrimeng hustisya.

Kaligtasan: Ang mga trafficker ay may bantang malubhang panganib hindi lang sa mga biktima kundi sa kanilang mga pamilya rin.

- Ang personal na kaligtasan ng mga biktima at ng kanilang mga pamilya at iba pa ay dapat paglaanan.

Pagiging kompidensiyal: Ang paglabag sa pagiging kompidensiyal ay maaaring makapagkompromiso sa kaligtasan ng mga biktima at ng kanilang mga pamilya. Ang mga biktima ay madalas na may takot na mabatikan ang kanilang pangalan ng publiko at ng kapamilya, lalo na sa mga kasong kasangkot ang pagsasamantalang sekswal. Upang talakayin ang alalahaning ito:

- Ang impormasyon ay dapat lamang pagsaluhan kapag ang biktima ay nagbigay ng pagsang-ayon at dapat para lamang sa ilan-ilang tao hanggat maaari upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal ng impormasyon ng biktima
- Kung ang biktima ay sumang-ayon na ang kanyang impormasyon ay ipasalo sa mga espesyalistang ahensiya para sa karagdagang tulong, ang naturang mga ahensiya o iba pang kasangkot, gaya ng media, ay dapat marapat na sabihan ng pagiging kompidensiyal ng impormasyon.

Walang pagtatangi-tangi: Ang mga pansanggalang upang mapangalagaan ang mga biktima ng trafficking ay dapat paabutin sa lahat ng biktima, nang walang pagtatangi-tangi.

- Ang mga biktima ng naitrapik ay dapat maprotektahan, anuman ang mga personal na katangian¹³
- Ang mga Estado ay hindi lamang dapat tumigil sa pagtatangi-tangi, ngunit kailangan ding gumawa ng mga positibong hakbang upang masugpo ang lahat ng anyo ng diskriminasyon ng kapwa tagaganap na pribado at Estado na kasangkot sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking.

Tip: Tiyaking ang mga pamamaraan ng proteksiyon ay nakasentro sa biktima

Tiyaking ang mga pamamaraan ng proteksiyon ng mga biktima trafficking ay nakasentro sa biktima, isinasalang-alang ang kaligtasan ng mga biktima at ng kanilang mga pamilya, at ang pagiging kompidensiyal ng impormasyon tungkol sa kanila. Ang mga pamproteksiyong programa ay dapat itukoy sa lahat ng biktima ng trafficking sa batayang walang pagtatangi-tangi at dapat maibagay sa mga indibiduwal na pangangailangan ng mga biktima, kabilang ang sa pakikipagtulungan sa mga espesyalistang NGO.

¹² Tingnan ang: Guidelines for the Identification of Victims of Trafficking in Human Beings: Especially for Consular Services and Border Guards, European Union, 2013.

¹³ Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksyon 1.2.

Seksyon 2:

Pagpapairal ng proteksiyon

Ang mga biktima ng trafficking ay maaaring mangailangan ng proteksiyon sa tatlong pangunahing sitwasyon:

1. Panimulang proteksiyon
2. Sa oras ng mga proseso ng pangkrimeng hustisya
3. Sa isang maipagpapatuloy na batayan, kabilang ang pagpapadali ng kanilang muling pakikihalo sa lipunan.¹⁴

Ang mga pamproteksiyong pangangailangan ng bawat biktima ay magbabago sa buong itatagal ng mga bahaging ito, na ginagawang mahalaga para sa mga Estado na gumawa ng pagtatasa sa panganib sa bawat bahagi upang matiyak na ang mga pamproteksiyong serbisyo ay angkop na naibagay sa mga nagbabagong pangangailangan.

2.1. Panimulang proteksiyon

Ang uri ng proteksiyong ibinibigay sa sandaling ang isang inakalang biktima ng trafficking ay nakilala ay mahalaga sa tagumpay ng pamproteksiyong plano na isinagawa ng mga tagapagbigay ng serbisyo. Lalo pa, ang mga pamproteksiyong hakbang na gagawin sa bahaging ito ay mahalaga para sa pagkakaroon ng isang relasyong may pagtitiwala at pakikipagtulungan ng biktima ng trafficking at ng mga tagapagbigay ng serbisyo. Ang pagbibigay ng proteksiyon na ligtas at sapat para sa mga pangangailangan ng mga biktima ng trafficking ay hindi dapat magdepende sa kanilang pagiging handa na makipagtulungan sa mga awtoridad.

Ang pangunahing layunin sa oras na ito ay ang pagkilala at pagtalakay sa mga kagyat na pangangailangan at alalahanin ng mga biktima ng trafficking. Kabilang dito ang:

- Pagiging pribado, kaligtasan at seguridad para sa biktima at kapamilya o matatalik na kaibigan
- Paglapit sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, pananamit at ligtas na akomodasyon
- Pakikipagkomunikasyon sa pamilya at paghanap sa pamilya, kung walang dahilan upang hinalain ang kanilang pagkasangkot sa trafficking, at kung ang naturang komunikasyon ay ligtas para sa biktima o sa kanyang pamilya
- Kailangang-kailangang medikal na paggamot
- Payong pambatas at pang-imigrasyon

Dito sa oras na ito na ang mga biktima ng trafficking ay, kung maaari, mabigyan ng madetalyeng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan, pati na ang saklaw, uri at tungkulin ng pantulong at pamproteksiyong progama at ng mga obligasyon at responsabilidad na kalakip nito. Ang impormasyon ay dapat ibigay kapag ang mga biktima ng trafficking ay nasa isang kalagayan upang sapat na mabatid at maunawaan ang lahat ng ibinigay na impormasyon. Ang pagkuha ng mga tagasalin sa wika/interprete ay maaaring kailanganin kung ang mga biktima ng trafficking ay hindi nagsasalita ng wika ng lugar kung saan sila nakilala. Ang pagsasabi sa kanila na may makukuhang tulong ay maaaring magbawas sa pagkabahala ng mga biktima ng trafficking at tumulong sa kanila na magdesisyon ng mga susunod na hakbang at proseso. Ang mga pangunahing bahagi ng pangangailangan ito ay mahalaga sa pagsasaayos ng bahagi para sa maipagpapatuloy at pangmatagalang suporta upang mabigyan ng kapangyarihan ang mga biktima na gumawa ng mga desisyon tungkol sa uri ng mga pamproteksiyong serbisyo ang nais nila at kung sasali sa proseso ng pangkrimeng hustisya.

Tip: Protektahan ang mga biktima kahit makipagtungan sila o hindi

Dapat ipagtanggol ng mga Estado ang kanilang mga obligasyon na protektahan ang mga biktima, anuman ang kanilang pandarayuhan o iba pang katayuan, at ang kanilang pagiging handa na sumali sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya.

¹⁴ Para sa impormasyon sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking sa oras ng unang pagkontak at sa buong panahon ng mga interbyu (kabilang ang mga gagawin para sa layunin ng pangkrimeng hustisya), tingnan ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015.

Ang mga biktima ng inaakalang mga bata ay dapat isangguni agad-agad sa mga pamproteksiyong awtoridad para sa mga bata upang makagawa ng pagtasa tungkol sa edad, maghirang ng mga legal na tagapag-alaga at gumawa ng mga pagpapasiya ukol sa pinakamabuting kapakanan sa pagsasaayos ng pansamantalang naaangkop na pangangalaga. Kung ang bata ay may kasama, ang mga desisyon ay dapat gawin kung maaaring kumatawan o hindi ang kanyang tagapag-alaga sa pinakamabuting kapakanan ng bata, halimbawa, kung ang tagapag-alaga ay pinaghihinalang naging kasangkot sa trafficking at pagsasamantala ng bata.¹⁵ Kabilang sa mga responsabilidad ng tagapag-alaga ang pagtiyak na ang bata ay may angkop na pangangalaga, pangangalagang pangkalusugan, suportang pangsikolohikal at pangsosyal, edukasyon at suporta sa wika, at pagpapanatili din sa pagbibigay-alam sa bata ng kanyang mga karapatan, at pagtulong sa pagkilala ng maipagpapatuloy na pamproteksiyong solusyon sa pinakamabuting kapakanan ng bata.¹⁶



Babala:

May panganib na ang mga trafficker ay maaaring maghangad na makasalingit sa mga pamproteksiyong programa upang kumuha ng impormasyon tungkol sa kinaroroonan ng biktima. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay dapat manatiling alisto sa panganib na ito at huwag maglalabas ng anumang impormasyon sa mga taong hindi kilala at hindi alam ang kanilang mga kredensiyal.

Ang mga taong unang makikipagkontak sa mga potensyal na biktima ng trafficking ay kailangang gumawa ng mga hakbang upang mapangalagaan ang seguridad ng potensyal na biktima, pati na ng mga kawaning magkakaroon ng kontak sa biktima. Sa pamamagitan ng proseso ng pagtatasa ng panganib, makakapaglagay ng angkop na mga paraan upang pamahalaan ang mga panganib na iyon. Ang mga paraang pangseguridad ay maaaring ang pagkakaroon ng mga pribadong kompanya ng seguridad sa mga kanlungan. Kung ang mga biktima ay inilagay sa hindi kanlungang akomodasyon, ang gagawing pagtasa ng panganib ay kailangang isaalang-alang ang mga paghahamon ukol sa seguridad na maibabanta sa biktima, sa pamilya at mga kaibigan ng biktima, at mga

tagapagbigay ng serbisyo, kabilang ang paggamit ng komunikasyon at ang pagkamaasahan at kakayahan ng lokal na pulisya. Mahalaga na lahat ng mga kawaning kasangkot sa pagbibigay ng tulong sa mga biktima ay maging nasapanahon tungkol sa mga panganib sa mga biktima at sa kanilang sarili.¹⁷ Ang impormasyon tungkol sa mga biktima at ng kanilang sitwasyon ay dapat lamang isalo sa isang 'kailangang malaman' na batayan, nangangahulugan na ang mga kawani ay dapat lamang bigyan ng impormasyong kailangan nila para sa pagsasagawa ng kanilang trabaho.

Ang mga biktima ng trafficking ay maaaring mabigyan ng ligtas na akomodasyon sa mga kanlungan o ibang lokasyong angkop sa kanilang mga pangangailangan at dapat pahintulutan ng kalayaang makakilos. Hindi sila dapat ilagay sa nakakandadong pasilidad, maging pang-imigrasyong sentro ng detensyon, bilangguan, o iba pang saradong pasilidad kung saan hindi sila malayang lumabas-masok.¹⁸ Ang mga biktima ay maaari ding mangailangan ng kailangang-kailangang medikal na paggamot at paglapit sa pangangalagang pangkalusugan, pati na ang paglapit sa pambatas at pang-imigrasyong tulong at suporta.

Matagal nang alam na dahil sa likas na nakapagdurusang uri ng ganitong klase ng krimen, ang mga biktima ng trafficking ay dapat bigyan ng isang 'panahon ng pagmumuni-muni'

Tip: Maglaan ng mga panahon ng pagmumuni-muni sa mga biktima ng trafficking

Maglaan ng panahon ng pagmumuni-muni sa mga biktima ng trafficking upang masimulan nila ang paggaling mula sa kanilang karanasan. Ang pagmumuni-muni at kaugnay na suporta, kabilang ang pansamantalang visa para sa mga biktima ng transnasyonal na trafficking, ay dapat ibigay maging handa man ang biktima na sumali o hindi sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya laban sa mga trafficker.

¹⁵ Ang mga bata ay dapat konsultahin sa pagpapasiya kung ano ang nasa pinakamabuti nilang kapakanan. Ang Artikulo 12 ng Convention on the Rights of the Child (CRC) ay nag-sasabi na ang mga kuru-kuro ng bata ay dapat bigyan ng nararapat na timbang, alinsunod sa edad at maturidad ng bata. Sa pagkonsulta sa mga bata, dapat ding isaalang-alang ang Artikulo 16 ng CRC, pangangalaga ng bata mula sa pakikialam na ayon lang sa sariling gusto o labag sa batas sa kanilang pagiging pribado, pamilya o pakikipagsulatan, at ang Artikulo 17 tungkol sa mga obligasyon ng Estado na garantiyahan ang karapatan ng bata na makakuha ng impormasyon.

¹⁶ Tingnan ang Guidelines on the Protection of Child Victims of Trafficking, UNICEF technical notes, UNICEF, 2006, pp.16-17.

¹⁷ Tingnan ang The IOM Handbook on Direct Assistance to Victims of Trafficking, IOM, 2005, section 4.2.6.

¹⁸ Tingnan din ang Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking (E/2002/68/Add.1), United Nations High Commissioner for Human Rights, Guideline 6(1).

upang masimulan nila ang paggaling mula sa kanilang karanasan at makagawa ng desisyon kung tutulong o hindi sa imbestigasyon o pag-uusig. Ang panahon ng pagmumuni-muni ay magkakaiba sa mga Estado, at karaniwan ay mula 30 hanggang 90 araw.¹⁹ Nagkakaroon ng karagdagang paghamon kung ang mga biktima ng trafficking ay hindi mamamayan na may labag sa batas na katayuan sa Estado. Ang pamproteksiyong plano para sa isang banyaga ay mangangailangan ng pagsasaayos ng isang pansamantalang visa upang makapanatili ang tao sa bansa sa panahon ng pagmumuni-muni.

Kung ang mga biktima ay mabibigyan ng sapat na tulong at panahon upang gumaling at makagawa ng desisyon tungkol sa kanilang hinaharap, sila ay maaaring mas handa at kayang sumuporta sa proseso ng pangkrimeng hustisya. Maraming Estado ang nagsasaayos ng pag-iisyu ng maraming permanenteng visa upang pahintulutan silang manatili sa bansa, halimbawa, kung ang biktima ay tumulong sa imbestigasyon at/o pag-uusig ng mga trafficker at malalagay sa panganib kung babalik sa pinagmulang bansa.

Tip: Protektahan ang mga biktima ng trafficking alinsunod sa pinakamabuting pamamalakad

Ang Patakarán 6 ng Office of the High Commissioner for Human Rights (OHCHR) Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking ay nagpapayo na ang mga Estado, at kung nauugnay, ang mga organisasyong halong-pampamahalaan at hindi pampamahalaan, ay dapat isaalang-alang ang:

- Pagtiyak na ang mga biktima ay hindi pinipigil sa anumang pasilidad ng imigrasyon o iba pang detensyon
- Pagtiyak na ang mga biktima ay hindi ubligadong tumanggap ng anumang proteksiyon o tulong that hindi nila sinang-ayunang tanggapin
- Pagsasabi sa mga biktima ng kanilang mga karapatang makalapit sa mga kinatawang diplomatiko at konsulado mula sa kanilang Estado ng kanilang nasyonalidad
- Pangalagaan ang mga biktima laban sa mga banta, pinsala o paghihiganti mula sa mga trafficker, kabilang ang paggalang sa kanilang pagiging pribado at hindi paglalabas ng kanilang pagkakakilanlan.

2.2. Proteksiyon sa pamamagitan ng proseso ng pangkrimeng hustisya

Ang mga biktima ay hindi dapat piling sumali sa proseso ng pangkrimeng hustisya, ngunit bigyan ng kapangyarihang pumili kung nais nila o hindi. Para sa mga biktima ng handa at kayang tumulong sa imbestigasyon at pag-uusig ng mga trafficker, may mga partikular na pamproteksiyong pagsasaalang-alang na tutukoy.

Ang pag-uusig para sa trafficking ng mga tao at kaugnay na krimen ay madalas nagdedepende sa testimonya ng saksi kung walang magpapatotoong ebidensiya, nangangahulugan na malamang na hindi magtagumpay kung wala ang pagsali ng mga biktima. Kung ang biktima ay hindi makakapagbigay ng mapagkakatiwalaang ebidensiya, o atubiling magbigay ng ebidensiya, ito ay may masamang epekto sa posibilidad ng pag-uusig o ng kalalabasan ng paglilitis, at mamimiligro ang pag-asa ng Estado na makakuha ng paghatol.

Ang kakayahan ng isang Estado na palapitin ang mga biktima sa isang maepektong lunas ay maaaring makompromiso kung ang mga biktima ay hindi susuportahan na makatamo ng kasiyahan sa pamamagitan ng mga prosesong pambatas.²⁰ Ang pagtiyak na ang mga biktima ay may angkop ng suporta at proteksiyon sa buong panahon ng bawat bahagi ng proseso ng pangkrimeng hustisya ay hindi lamang ang pinakamahalaga sa pangangalaga ng kanilang mga karapatan bilang biktima ng krimen, kundi kailangan din ito para sa kanilang ligtas at mahalagang pagtulong sa pag-uusig ng mga trafficker.

¹⁹ Tingnan para sa halimbawa, Cathy Zimmerman et al., Stolen Smiles: The physical and psychological health consequences of women and adolescents trafficked into Europe, London School of Hygiene and Tropical Medicine, 2006, p.3.

²⁰ Tingnan ang seksyon 1.1. sa itaas tungkol sa mga obligasyon ng Estado na pangalagaan ang mga biktima at seksyon 2.1 tungkol sa kanilang malasakit sa paggawa nito.

Tip: Gumawa ng mga pagtasa ng panganib sa buong panahon ng proseso ng pangkrimeng hustisya

Ang pamproteksiyong pangangailangan ng mga biktima ay magkakaiba bago, habang at makaraan ang paglilitis. Kaya, ang pinakamabuting pamamalakad para sa mga Estado ay ang paggawa ng mga pagtasa ng panganib sa bawat bahagi ng proseso upang tiyakin na ang mga pamproteksiyong serbisyo na ibinibigay sa mga biktima ay naiaakma upang maepektong harapin ang kanilang mga nagbabagong pamproteksiyong pangangailangan.

Proteksiyon bago ang paglilitis

Bilang bahagi ng pagkuha ng maepektong lunas para sa sarili, ang mga biktima ng trafficking ay maaaring humanap ng katarungan sa pamamagitan ng pagsali sa proseso ng pangkrimeng hustisya. Sa karamihang kaso, sila ay masasangkot bilang mga nagsasakdal at saksi na nangangahulugan na kailangang naroon sila sa panahon ng imbestigasyon at, sa ilang kaso, sa mga paglilitis sa korte.

Ang isang mahalagang bahagi ng proteksiyon ay nangyayari bago simulan ang paglilitis sa panahon ng imbestigasyon at paghahanda ng kaso. Ang mga biktima ay dapat panatilihin may-kaalaman, halimbawa, pagpapaliwanag sa kanila kung ano ang nangyayari, gaano katagal ang proseso, bakit kinuha ang kanilang mga personal na gamit upang gamitin bilang ebidensiya, at kailan maisasauli ang mga bagay na iyon. Sa panahon bago ang paglilitis, ang mga biktima ay maaaring maihanda para sa paglilitis, na maaaring kabilang dito ang pagbibigay ng ebidensiya bilang saksi, sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at iba pang pandamdaming suporta. Ang suportang ito an magpapatuloy sa panahon ng paglilitis.

Sa ilang Estado, may mga pangangailangang pambatas na magbigay ng suporta sa mga may-karupakang mga biktima-saksi bago ang paglilitis. Maaaring kabilang sa naturang suporta ang paggamit ng isang kwalipikadong tao para ihanda ang biktima para sa paglilitis, tulad ng pagsama sa kanya sa loob ng korte, pagpapaliwanag ng mga proseso sa korte at pagtulong sa kanilang umunawa sa mga tanong na maaaring itanong sa kanila.

Kung angkop at kaayon sa mga karapatan ng mga nagsasakdal, ang paglalagay sa detensyon ng mga sinasabing trafficker bago ang paglilitis ay maaaring makatulong sa pagprotekta ng mga biktima at ng kanilang mga pamilya mula sa paghihiganti. Ang naturang detensyon bago ang paglilitis ay makakapagbigay sa mga biktima at sa kanilang mga pamilya ng mas malaking pakiramdam ng pagiging ligtas at makakapagpalaki ng pagkakataon na magkaroon ng isang makatarungang paglilitis sa pamamagitan ng paghadlang sa mga sinasabing trafficker na makialam sa mga ebidensiya o mag-impluwensa ng mga biktima o iba pang mga saksi.²¹

Ang mga desisyon kung ang mga biktima ng transnasyonal na trafficking ay dapat ibalik sa pinagmulan nilang bansa sa pagitan ng panimulang imbestigasyon at ng paglilitis ay dapat magsaalang-alang ng pinakamabuting kapakanan ng mga biktima. Ang naturang mga desisyon ay magdedepende sa mga pamamaraang pamproteksiyon sa pinagmulang bansa, ang mga lohistikong posibilidad ng pagbabalik ng biktima sa bansa kung saan gagawin ang paglilitis, o ang posibilidad ng pagbibigay ng remote na testimonya (gamit ang internet o iba pang teknolohiya na magagamit sa paraang magbibigay-proteksiyon sa pagiging pribado ng saksi). Kung hindi praktikal o angkop na magbigay ng mga testimonya, maaaring gamitin ang mga pahayag ng saksi.²²

Tip: Suportahan bago ang paglilitis ang mga biktima at saksi ng trafficking

Ang mga pamproteksiyong kondisyon ng Trafficking in Persons Protocol ay nagbibigay ng pinakamababang pamantayan para sa suporta bago ang paglilitis sa mga biktima at saksi ng trafficking. Dapat magkaroon ang mga Estado ng pormal na proseso sa pagbibigay ng naturang suporta. Ang mga may-kakayahang NGO at organisasyong pambayan na nnakakaunawa ng proseso ng angkrimeng hustisya at may espesyalistang pagsasanay sa pagbibigay ng sumusuporta sa mga biktima ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng naturang mga serbisyong pangsuporta.

²¹ Anti-Human Trafficking Training Manual for Criminal Justice Practitioners, Module 11: Victims' needs in criminal justice proceedings in trafficking in persons cases, UNODC/UN.GIFT, 2009, p.8.

²² Anti-Human Trafficking Training Manual for Criminal Justice Practitioners, Module 11: Victims' needs in criminal justice proceedings in trafficking in persons cases, UNODC/UN.GIFT, 2009, pp.7-8.

Proteksiyon sa panahon ng paglilitis

Para sa karamihan ng mga biktima ng trafficking, ang pagharap sa hukuman ay isang mahirap na karanasan. Ang mga bahagi ng paglilitis na magpapalubha ng takot at pagkabalisa, tulad ng pagtestigo sa korte, ay dapat bawasan hanggat maaari.

Upang tulungan ang mga biktima ng trafficking na magbigay ng ebidensiya sa korte, ang ilang Estado ay nagsimula ng mga hakbang para sa mga saksing may-karupukan at mga pantulong para sa mga testimonya. Ang mga hakbang ay para tiyaking ang mga biktima ay makakapagbigay ng pinakamabuting testimonya sa korte, sa pamamagitan ng pagbabawas sa panganib ng intimidasyon, dagdag na pagdurusa, pagkatakot para sa sariling kaligtasan at/o di tamang kahihiyan sa publiko. Bagaman ang pagkamalinaw ay isang pangunahing elemento ng 'due process' (sumusunod sa mga angkop na pambatas na proseso), ito ay dapat timbangin laban sa karapatan ng mga kasali sa sistema ng pangkrimeng hustisya sa kaligtasan at proteksiyon laban sa di dapat na pagkabahala o kahihiyan sa publiko. Dapat tandaan ng mga Estado na ang mga hakbang upang protektahan ang mga biktima sumasali sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya ay dapat maging makatwiran, kailangan at kabagay, lalo na ang mga ito ay maaaring umapekto sa karapatan ng nasasakdal para sa isang makatarungan at pampublikong paglilitis.

Tip: Suportahan ang mga biktima sa buong panahon ng proseso ng pangkrimeng hustisya

Ang mga estado ay dapat magbigay sa mga biktima ng masaklaw na impormasyon, sa isang wikang nauunawaan nila, tungkol sa mga opsyon na makukuha nila kabilang ang bilang mga saksi sa mga proseso ng korte. Ang mga Estado at dapat ding magsikap na ang mga biktima ay makalapit sa independiyenteng pambatas na payo upang tulungan sila na maunawaan ang kanilang mga karapatang pambatas at obligasyon.

Maaaring kabilang sa mga hakbang at pantulong para sa mga testimonya upang protektahan ang mga may-karupukang biktima at saksi ng trafficking sa panahon ng paglilitis ang:

- Pahintulutan ang biktima na magbigay ng ebidensiya sa pamamagitan ng closed circuit television o video link
- Bawasan ang pakikipagkontak ng biktima sa nasasakdal at miyembro ng publiko, kabilang ang sa pamamagitan ng paggamit ng mga iskrin o sa pagsasara ng korte
- Pahintulutan na naroon ang taong tagasuporta habang ang biktima ay nagbibigay ng ebidensiya
- Magpasok ng mga tuntunin upang pahintulutan ang ebidensiya ng biktima sa orihinal na paglilitis na tanggapin muli sa anumang susunod na mga paglilitis, na babawas sa panganib ng muling pagdurusa
- Pahintulutan ang mga biktima na nasa ibang lugar na magbigay ng ebidensiya sa pamamagitan ng video link kung ang paglalakbay sa nauugnay na hurisdiksiyon upang dumalo sa korte ay magiging dahilan ng pinsala, pagdurusa o di tamang pagkabahala
- Protektahan ang pagiging pribado ng mga biktima sa pamamagitan ng paggawa ng isang pagkakasala ang walang pahintulot na paglalathala ng pangalan ng isang biktima o ng mga mapagkakakilanlang katangian.

Tip: Maglagay ng mga pamparoteksiyong hakbang para sa mga batang biktima at saksi ng trafficking

Maaaring isaalang-alang ng mga Estado na gumawa ng mga hakbang at pantulong sa testimonya para sa proteksiyon ng mga may-karupukang tao, na awtomatikong makukuha para sa mga batang biktima. Maaari ding isaalang-alang ang mga karagdagang proteksiyon, tulad ng pagpapahintulot ng paghaharap ng mga rekording sa video ng mga interbyu ng pulis sa mga batang biktima at/o saksi bilang punong ebidensiya. Gayunman, ang mga batang biktima ay hindi dapat kailanganing sumali, lalo na kung nakaranas sila ng sukdulang pagdurusa.

Ang ilang serbisyong taga-usig ng Estado ay may mga tiyak na tulong para sa saksi o mga liaison officer para sa biktima upang mabawasan ang pagkabalisa at pagdurusa sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa mga biktima at harapang suporta, at pagdalong kasama nila sa mga pagharap sa korte. Ang mga organisasyong pambayan ay makakatulong ding magbigay ng mahalagang makukuhanan ng suplementong pangangalaga at suporta sa mga biktima habang dumadaan sila sa proseso ng paglilitis.

Maaaring pag-isipan ng mga Estado na pahintulutan ang mga biktima na gumawa ng mga boluntaryong victim impact statement (pambiktimang pahayag tungkol sa epekto) kapag ang hatol ay naabot na at ang mga nagkasala ay sinisentensiyahan na upang masabi sa korte ang pinsalang naranasan nila. Ang mga victim impact statement ay maaaring makatulong sa mga biktima sa proseso ng kanilang paggaling, kabilang ang pagpapahintulot sa kanilang ipaliwanag sa hukom kung paano sila naapektuhan nang pangpisikal, pandamdamin, pampinansiyal at/o panlipunan. Ang mga victim impact statement ay maaari ding makatulong sa:

- Pagbabawas ng pag-aakala ng publiko sa pagpapalayo ng biktima sa proseso ng pangkrimeng hustisya
- Paggawa ng mas malinaw na pagsesentensiya at mas naglalarawan ng pagtugon ng komunidad sa krimen
- Pagtataguyod ng rehabilitasyon ng mga trafficker sa pamamagitan ng paghaharap sa kanila ng epekto ng kanilang pagkakasala.

Ang mga Estadong nag-iisip tungkol sa paggamit ng mga victim impact statement ay dapat tiyaking may mga pansanggalang, gaya ng ang mga biktima ay malinaw na hindi pinapayagang magbigay ng opinyon tungkol sa angkop na sentensiya; o sa paglalagay sa kanilang pahayag ng mga bagay na nakasasama ng loob, nagbabanta, nananakot o nakakaligalig. Ang mga trafficker ay dapat ding pahintulutan na magsuri ng mga katotohanan sa isang victim impact statement.

Tip: Tiyaking ang mga pantulong at pamproteksiyong hakbang ay hindi panghikayat upang sumali

Ang mga pantulong at pamproteksiyong hakbang ay dapat ibigay sa isang paraan na hindi magiging anumang anyo ng panghihikayat na maaaring magpahina sa kaso ng taga-usig. Ang anumang ibibigay sa mga saksi, kabilang ang mga akomodasyon at visa, halimbawa, ay dapat itala at bigyang-katwiran, at anumang pag-abuso ng suporta ay kilalanin at talakayin nang maagap.

Proteksiyon matapos ang paglilitis

Ang mga pamproteksiyong hakbang ay hindi dapat ihinto sa katapusan ng mga pangkrimeng proseso, ngunit maging batay sa tunay na pangangailangan ng mga indibiduwal na biktima. Agad-agad pagkatapos ng paglilitis, ang mga opisyal na pantulong para sa saksi o iba pang angkop na awtoridad ay dapat magbigay ng impormasyon sa mga biktima tungkol sa kinalabasan ng paglilitis at mga implikasyon nito, kabilang ang sentensiyang ipinataw sa trafficker, ang katagalan nito at ang iminungkahing petsa ng pagpapalaya, pati na anumang posibilidad ng pag-aapela. Ang pamproteksiyong plano para sa biktima ay dapat rebyuhin nang ayon dito, nang may pagkonsulta sa biktima at pagsasaalang-alang ng kanyang mga alalahanin.

Kasunod ng pag-uusig, ang mga banta at panliligalig sa mga biktima ng trafficking at ng kanilang pamilya o mga kaibigan ay maaaring dumami. Dapat pag-isipan ng mga Estado ang pangangailangan para sa patuloy na mga hakbang sa proteksiyon at personal na kaligtasan ng saksi, kabilang ang pagpapahintulot sa mga biktima na manatili nang permanente sa hurisdiksiyon kung ang mga biktima ay malalagay sa panganib sa pagbalik nila sa kanilang pinagmulang bansa.²³ Sa kabila pa ng anumang panganib mula sa paghihiganti o muling pagtatrapik, isang pagtasa ng panganib na dala ng hindi sapat na tulong at suporta sa pinagmulang Estado ay maaaring maugnay sa pagpapasiya kung dapat ibalik o hindi ang biktima o kaya ay pagkalooban ng permisong manirahan sa bansa kung saan naganap ang paglilitis o sa ibang lugar.²⁴

²³ Tingnan ang seksyon 3.3. sa ibaba tungkol sa maipagpapauloy na pamproteksiyong lunas.

²⁴ Tingnan ang seksyon 3.3. sa ibaba tungkol sa maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas.

2.3. Maipagpapatuloy na mga pamproteksiyong lunas

Ang mga maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas ay nagsisimula mula sa oras ng unang pagkontak kapag ang mga pangangailangan ng mga nakilalang taong naitrapik ay tinasa sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga kagyat na pangangailangan gaya ng pansamantalang kanlungan, pangangalagang medikal, kaligtasan at seguridad. Ang naturang mga hakbang ay maaaring makuha sa pinagmulang Estado, hatiran o destinasyon. Habang ang mga ‘pamproteksiyong lunas’ ay kasangkot ang pag-aalis ng biktima mula sa kontrol ng trafficker at pagaanin ang anumang mga kagyat na panganib, ang mga ‘maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas’ ay masaklaw, lalampas pa sa pagtalakay ng mga kagyat na pangangailangan upang tulungan ang mga biktima ng trafficking na mabawing muli ang kanilang kalayaan at mabigyan sila ng kapangyarihang makihalo o muling makihalo sa lipunan.

Maaaring kabilang sa mga maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas ang mga hakbang na titiyak na ang mga biktima ay magkakaroon ng mga pangmatagalang pagkakataon upang mapaglabanan ang mga sitwasyong sa simula ay nagawa silang marupok laban sa trafficking. Halimbawa, ang mga serbisyong tulad ng paglapit sa edukasyon, pagsasanay, kabuhayan, at oportunidad sa trabaho ay tatalakay sa karupukan at susuporta sa muling pakikihalong panlipunan at pangekonomiko. Ang ilang lunas na nakilala sa oras ng unang pagkontak ay maaaring kailanganing ipagpapatuloy o palaging talakayin, tulad ng patuloy na akomodasyon, pag-aasikasong medikal at pangsikolohikal at pagpapayo, at mga garantiya para sa kaligtasan at seguridad ng biktima.

Ang pangwakas na layunin ng anumang pantulong at pamproteksiyong programa para sa biktima ay upang tiyakin na ang natulongang mga biktima ng trafficking ay kayang tanggapin ang kanilang mga naranasan, upang matamo ang pansariling kasapatan, at upang lubos na makasali sa pang-ekonomiko at panlipunang buhay. Ang pagkabigong matugunan ang layuning ito ay maaaring mas magpalaki ng karupukan at maaaring magresulta sa isang siklo ng muling pagiging biktima.

Ang mga maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas ay mas masalimuot kapag ang trafficking ay nangyayari sa mga hangganan at ang tulong at proteksiyon para sa biktima ay kailangang ayusin ng mga awtoridad at tagapagbigay ng serbisyo ng dalawa o mahigit pang Estado. Kasunod ng panahon ng pagmumuni-muni o ng katapusan ng anumang paglilitis sa korte, dapat siyasatin ang mga opsiyon sa pakikihalo sa lipunan, boluntaryong pagbalik o muling pakikihalo sa lipunan.²⁵ Ang mga biktima ay maaaring bumalik sa kanilang pinagmulang komunidad, maliban kung sila ay pinagkalooban ng residency (paninirahan) o iba pang visa para manatili, o ilipat sa pangatlong Estado. Kung ang mga biktima ay ibabalik sa kanilang pinagmulang lugar – maging domestiko o sa ibang Estado – dapat magsikap ang mga awtoridad na tiyaking sila ay protektado laban sa paghihiganti o muling pagtatrapik sa kanilang pagdating at sa panahon ng proseso ng muling pakikihalo sa lipunan.

Ang anumang pagbalik sa mga pinagmulang bansa ay dapat, hanggat maaari, boluntaryo at gagawin nang may paggalang sa mga karapatan, kaligtasan at karangalan ng mga bumalik, kabilang ang pagbibigay ng sapat na proteksiyon, tulong at suportang kailangan upang matamo ang muling pakikihalo sa lipunan at mahadlangan ang muling pagkakatrapik.²⁶ Kung mas kanais-nais para sa biktima na lumipat sa pangatlong Estado, ang naturang Estado ay dapat tumulong sa pagpapadali ng ligtas na paglipat at pakikihalo sa lipunan.²⁷ Kung may mga patuloy na alalahanin tungkol sa kaligtasan, konsiderasyong makatao o iba panganib na pipigil sa pagbalik ng mga biktima, ang pansamantala o permanenteng paninirahan sa destinasyong bansa ay dapat pag-isipan.²⁸

Ang mga maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng ibat ibang tagapagbigay ng serbisyo at stakeholder. Ang mga pagsangguni at balik-puna ay mahalaga upang tiyakin na ang mga serbisyo ay angkop at ibinibigay sa paraang nasa panahon at maayos, at makukuha mula sa pinagmulan at destinasyong Estado.

Ang pakikipagtulungan at pagtulong ng mismong mga biktima ay mahalaga dito. Hindi lang dapat maunawaan ng mga biktima ang kanilang tungkulin at responsabilidad sa pagsasagawa ng mga pamproteksiyong plano, kundi ang kanilang kontribusyon din sa pagpapasiya kung anong uri ng tulong at suporta ang mahalaga upa-

25 Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking (E/2002/68/Add.1), United Nations High Commissioner for Human Rights, Guideline 5(8).

26 Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking (E/2002/68/Add.1), United Nations High Commissioner for Human Rights, Guideline 6(8).
Also see Article 8(3)-(4), Article 9(1)(b) of the Trafficking in Persons Protocol concerning safe return.

27 Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking (E/2002/68/Add.1), United Nations High Commissioner for Human Rights, Guideline 6(8).
Tingnan din ang Article 8(3)-(4), Article 9(1)(b) ng Trafficking in Persons Protocol tungkol sa aligtas na pagbalik.

28 Tingnan ang Commentary to the Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking, OHCHR, 2010, pp.180-182.

ng tiyakin ang tagumpay ng anumang pangmatagalang plano. Dapat isaalang-alang ang mga indibiduwal na pangangailangan at hangarin sa paggawa ng mga pamproteksiyong pamamaraan, lalo na sa kaso ng mga bata kung saan ang kanilang pinakamabuting kapakanan ay nangunguna sa mga pamproteksiyong plano. Sa huli, ang mga pantulong at pamproteksiyong plano ay dapat paulit-ulit na tasahin o ma-evaluate, at maiakma sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga biktima ng trafficking.

Table 1: Mga pangunahing bahagi ng maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas

Mahahalagang pangangailangan	• Patuloy na akomodasyong ligtas, lalo na kung hindi pa marapat gawin ang muling pakikihalo sa lipunan • Mga hakbang para sa kaligtasan at seguridad
Pangangalagang medikal, sikolohikal at sosyal	• Pagpapayong sikolohikal • Pagpapayong sosyal, kabilang ang pagbisita sa pamilya • Pangangalagang medikal at pang-ngipin • Pamamagitan sa muling pakikihalo sa pamilya at komunidad
Muling pakikihalong pang-ekonomiko	• Edukasyon, lalo na para sa mga bata • Pagsasanay sa wika sa kaso ng pagsali sa lipunan • Mga programang bokasyonal o kasanayang pagsasanay tungkol sa pangangailangan sa trabaho o industriya • Tulong sa paglalagay sa trabaho • Mga kaloob at pagtuturo para sa kabuhayan • Mga kaloob na pampinasiyal/pagbibigay ng panimulang kapital
Pambatas na suporta at tulong	• Pambatas na pagpapayo • Paghaharap ng reklamong kriminal at iba pang pambatas na lunas sa harap ng tagapagpasunod ng batas at/o mga awtoridad na taga-usig • Tulong sa pagkuha ng kompensasyon • Tulong sa pag-aaplay para sa pahintulot manatili nang pansamantala o permanenteng paninirahan, kung makukuha • Pagkatawan sa pagpapalaya ng mga biktima ng trafficking mula sa mga krimeng ginawa bilang resulta ng trafficking.²⁹

Kompensasyon

Isang pangunahing paraan ng pagpapadali ng mga maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng kompensasyon, tulong na pinansiyal, o reparasyon bilang pagkilala ng pinsala, kawalan o kapinsalaan na dinanas ng biktima ng trafficking. Bagaman hindi maaalis ng kompensasyon ang karanasan ng biktima ng trafficking, ito ay maaaring magpabuti ng kanyang pag-asang gumaling at mapangalagaan sa pagiging marupok laban sa muling pagtatrapik. Maaaring kabilang sa kompensasyon ang mga sahod na hindi pa nababayaran, kabayaranang legal, gastos na medikal, nawalang oportunidad at kompensasyon sa sakit at pagdurusa.³⁰

²⁹ Para sa higit pa tungkol sa hindi pagiging krimen, see Policy Guide on Criminalizing Trafficking in Persons, The Bali Process, 2014, p.7.

³⁰ Tingnan din ang UN Declaration of Basic Principles of Justice for Victims of Crime and Abuse of Power, A/RES/40/34, 29 November 1985, (Articles 12 and 13).

Ang mga kompensasyon para sa mga biktima ng trafficking ay maaaring makuha mula sa mga ari-arian ng mga trafficker, o mula sa mga paraang pinondohan ng Estado na pinangasiwaan sa pamamagitan ng mga prosesong pambatas o kilos pang-administrasyon. Sa maraming hurisdiksiyon, ang isang pambayang kahilingan para sa pinsala ay kaugnay ng paghaharap ng aksiyong kriminal at ang kaloob na pananalapi ay isinasali sa mga desisyon ng korte, o ang kabayaranang kompensasyon sa mga biktima ay ginagawang bahagi ng parusa. Gayunman, ang iba ay nagpahintulot sa pagbawi ng mga pinsala sa pamamagitan ng pambayang aksiyon, na independiyente sa kriminal na paglilitis. Ang mga kahilingan sa pamamagitan ng mga korteng pantrabaho para sa hindi pa nababayaranang sahod at iba pang benepisyonang pangkontrata, lalo na sa mga kaso ng trafficking para pagsamantalahan, ay isa pang posibilidad para sa kompensasyon.


Ang ilang bansa sa rehiyon ng Asia-Pacific ay nagtatag ng pondo mula sa mapagkukuhanan sa Estado upang magbigay ng materyal na suporta sa mga biktima habang sila ay gumagaling mula sa kanilang mga karanasan sa trafficking. Lumikha rin ng mga trust fund para sa mga biktima ng trafficking gamit ang salaping kinuha mula sa mga multa at parusa na resulta ng paghatol na kriminal. Ang iba ay nagpahintulot sa mga biktima na makalapit sa mga pantulong na pondong pangkalahatan tulad ng mga itinatag para sa mga biktima ng malulubhang krimen o karahasan.

Ang mga tagaganap sa pribadong sektor, na ang mga industriya o kadena ng suplay na maaaring naapektuhan ng trafficking, ay may papel ding gagampanan sa pagprotekta ng mga manggagawa laban sa pagsasamantala at pagbibigay ng kompensasyon sa mga biktima. Kabilang ang posibilidad na magdagdag sa mga pondo ng Estado sa pamamagitan ng mga abuloy mula sa mga pambansang institusyon, kawanggawa, komunidad ng negosyo at mga indibiduwal.

Habang karamihan ng mga hurisdiksiyon ay nagpapahintulot sa mga biktima ng trafficking na humabol sa kompensasyon sa pamamagitan ng mga korteng sibil (sa pamamagitan ng kapakanang panlipunan o mga pamunuang pantrabaho), ang mga labag sa batas na mandarayuhan ay maaaring humarap ng mga hadlang sa pagkuha ng naturang kompensasyon dahilan sa kanilang katayuan at/o kakulangan ng mga dokumento. Kaya, dapat padaliin ng mga Estado ang paglapit sa mga korteng sibil para sa kompensasyon para sa pinsalang tiniis, kabilang ang para sa mga biktima ng trafficking na nasa mga labag sa batas na sitwasyon.

Ang diagram sa ibaba ay nagpapakita ng posibleng mapagkukunan ng kompensasyon para sa biktima.

Diagram 1: Posibleng mapagkukunan ng kompensasyon para sa biktima



Tip: Magbigay ng maepektong kompensasyon bilang bahagi ng maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas

Dapat pag-isipan ng mga Estado na ang mga biktima ng trafficking ay makakuha ng kompensasyon, sa labas ng proseso ng pangkrimeng hustisya. Dapat ding pag-isipan ang pagtiyak na makakaabot din sa kompensasyon ang mga biktima ng trafficking na hindi mamamayan.

Seksyon 3:

Koordinasyon at ang pamamaraang gamit ang maraming stakeholder

3.1. Mga pamproteksiyong stakeholder

Ang koordinasyon ay pangunahing sangkap ng masaklaw na proteksiyon. Dahil sa mga masalimuot na pangangailangang pamproteksiyon ng indibiduwal na biktima ng trafficking, ang mga hakbang na pinakabagay at maepekto ay magsasali ng ibat ibang eksperto at pamamagitan. Ang obligasyong protektahan ang mga biktima ng trafficking ay, unang-una, nasa mga Estado, ngunit ang ibang tagaganap ay maaaring gumanap ng mahalagang papel sa pagsuporta ng tungkuling ito.³¹ Ang mga pambayang tagaganap ay nasa mabuting kalagayan upang lumikha ng pagtitiwala ng mga biktima ng trafficking at mga awtoridad, at may partikular na kasanayang kailangan upang magbigay ng maepektong serbisyo sa kanila.

Ang Trafficking in Persons Protocol ay kumikilala sa pangangailangan ng maraming stakeholder sa koordinasyon ng mga hakbang na pantulong at pamproteksiyon, sa pamamagitan ng pagkakailangan sa mga Estado na pag-isipan ang pagsasagawa ng mga hakbang na maglalaan para sa pisikal, sikolohikal, at pangsosyal na pagbuti ng mga biktima ng trafficking “sa pakikipagtulungan ng mga hindi pampamahalaang organisasyon, iba pang kaugnay na organisasyon at iba pang elemento ng isang pambayang lipunan”.³² Ang ilang stakeholder na pampamahalaan at hindi pampamahalaan ay maaaring isangkot sa pagprotekta ng mga biktima sa alinmang Estado kabilang ang pulisya, mga awtoridad ng imigrasyon at panlipunang serbisyo, pati ang mga tagaganap mula sa trabaho at industriya, mga ministro ng panloob at panlabas na ugnayan, at mga NGO na espesyalista sa mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen, mandarayuhan, kababaihan at/o mga bata, pati mga tagapagbigay ng pambatas na tulong.³³

Direktong tulong at mga pamproteksiyong stakeholder

Ang mga tagaganap na pang-Estado ay responsable para sa pagbibigay ng proteksiyon sa biktima at maaaring magbigay ng direktong pampinansiyal na tulong sa pamamagitan ng mga programang panlipunan, mga serbisyo ng pangangalaga sa bata, pondo ng pangkrimeng proseso, pondo para sa kababaihan na dumanas ng karahasan o iba pang mapagkukunan. Ang mga sumusunod na tagaganap na pang-Estado ay may partikular na kahalagahan:

- Ang pulisya at mga awtoridad ng pangkrimeng hustisya ay mahalaga para sa pisikal na kaligtasan ng mga biktima
- Ang mga awtoridad ng imigrasyon at konsulado ay maaaring masangkot sa pagpapadali ng pansamantala o permanenteng pananatili ng mga biktima ng trafficking sa Estado
- Ang mga ahensiya ng serbisyong pangkalusugan ng Estado ay maaaring magbigay ng payo, impormasyon, tulong na medikal, sikolohikal at materyal
- Ang mga ahensiya ng serbisyong panlipunan ng Estado ay maaaring magkaroon ng tungkuling gagampanan sa pagbibigay ng pagsasanay na bokasyonal ay pang-edukasyon, at pag-aalis ng mga hadlang upang makakuha ng oportunidad sa trabaho, edukasyon at pagsasanay.³⁴

³¹ Tingnan ang Trafficking in Persons Protocol, Article 6(3).

³² Tingnan ang Trafficking in Persons Protocol, Article 6(3).

³³ Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Policy Guide on Identifying Victims of Trafficking, Bali Process, 2015, section 3.1.

³⁴ Tingnan ang Article 6 of the Trafficking in Persons Protocol.



Bagaman ang mga pang-estadong tagaganap ang responsable para sa pagbibigay ng proteksiyon sa biktima, sa maraming bansa ang mga hindi pang-estadong tagaganap, kabilang ang mga pambayang organisasyon, internasyonal na organisasyon at iba pang hindi pang-estadong tagapagbigay ng serbisyo ang nagsasagawa ng pagprotekta, kadalasan sa ilalim ng mahalagang pinansiyal at iba pang pahirap.

- Ang mga hindi pampamahalaan at internasyonal na organisasyon ay maaaring makatulong sa mga tagaganap na pang-Estado sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa mga biktima tungkol sa espesyal na serbisyo ng Estado.
- Maaari din silang magbigay ng materyal na suporta gaya ng akomodasyon, pagkain, kalusugan (kabilang ang pangangalagang pangkalusugang sekswal) at pangangalagang medikal, pati na pagpapayong pang-sikolohikal, payong pambatas at pang-imigrasyon. Alinsunod sa kanilang mga pamproteksiyong responsibilidad, ang Estado ay dapat maglaan ng mga pambayang tagaganap na may sapat na suporta at pondo upang maprotektahan ang mga biktima.³⁵
- Ang mga ahensiya ng internasyonal na organisasyon gaya ng United Nations (UN) at ang International Organization for Migration (IOM) ay maaaring makapagbigay ng suportang pinansiyal at materyal.³⁶

Mga stakeholder sa pagbabalik at muling pakikihalo sa lipunan

Maaaring kabilang sa mga stakeholder sa pagbabalik at muling pakikihalo sa lipunan ng mga biktima sa kanilang pinagmulang bansa ang mga awtoridad ng imigrasyon at ugnayang panlabas, pulisya, ugnayang pangkonsular, departamento ng serbisyong panlipunan, pati na iba pang awtoridad sa mga pinagmulan at destinasyong bansa. Ang mga tagaganap na ito, sa babalikan at tatanggap na Estado, ay kailangang mag-isyu sa mga biktima ng mga dokumentong kailangan upang makabalik.³⁷ Ang mga tagapagbigay ng kanlungang pampamahalaan o pansamantalang akomodasyon sa babalikan at tatanggap na mga Estado ay kailangang makipag-ugnayan sa buong panahon ng proseso. Ang mga tagaganap na pang-Estado mula sa kapwa Estado ay kailangan ding makipag-ayusan nang maaga upang lumikha at magsagawa ng isang plano para sa pakikihalo sa lipunan ng babalik na tao. Halimbawa, ang mga ministro ng mga manggagawa, trabaho, at industriya ay maaaring gumanap sa pagbibigay ng mga oportunidad sa kabuhayan na maipagpapatuloy para sa muling pakikihalo sa lipunan ng mga biktima ng trafficking.

Maaaring kabilang sa mga NGO na kasangkot sa mga isyu ng pagbabalik at muling pakikihalo ang mga grupong pangsuporta para sa mga biktima, mandarayuhan, kababaihan at mga bata. Ang mga ahensiya ng internasyonal na organisasyon gaya ng IOM at UN ay maaaring gumanap ng mahalagang tungkulin sa pagsuporta o pagmomonitor ng mga proseso ng pagbabalik, at padaliin ang pakikipagtulungan ng mga babalikan at tatanggap na mga Estado, na nag-aalay ng tulong sa pag-alis at matapos makabalik.

35 Tingnan ang *The IOM Handbook on Direct Assistance to Victims of Trafficking*, IOM, 2007, Chapter 4, at *National Referral Mechanisms, Joining efforts to protect the Rights of Trafficked Persons: A Practical Handbook*, OSCE, 2004, p.73-76.

36 Sa pamamagitan ng Global Assistance Fund (GAF) nito at mga paraang pangsuporta na pambansa at pangrehiyon, ang IOM ay nagbibigay ng direktong tulong sa mahigit-kumulang na 6,000 – 7,000 biktima ng trafficking kada taon.

37 Ang mga embahada at konsulado na nag-iisyu ng pamalit na papeles ng paglalakbay ay hindi dapat ipakita sa mga dokumentong iyon ang mga tao bilang biktima ng trafficking, at ang magpapabalik na mga awtoridad ay hindi dapat magpadala ng anumang personal na datos sa mga pinagmulang bansa nang walang malinaw na pahintulot ng taong kinaukulan.

38 Tingnan ang *The IOM Handbook on Direct Assistance to Victims of Trafficking*, IOM, 2007, Chapter 3, at *National Referral Mechanisms, Joining efforts to protect the Rights of Trafficked Persons: A Practical Handbook*, OSCE, 2004, pp.80-83.

3.2. Koordinasyon sa antas na pulitikal

Ang koordinasyon sa antas na pulitikal ay kailangan upang maglatag ng pundasyon para sa maepektong koordinasyon ng proteksiyong gagawin ng maraming stakeholder. Maraming pangakong pulitikal ang nagawa sa antas na pang-internasyonal, pangrehiyon at pambansa, at mayroon nang mga kasunduan upang mag-ugma ng mga pagtugon.

Sa antas na internasyonal, ang mga Estado ay nangakong magkaroon ng matibay na obligasyong pinag-ugma, sa pagiging partido sa Trafficking in Persons Protocol. Sa kabila pa nito, may mga ginawang matitibay na pangakong pangrehiyon. Halimbawa, ang mga miyembro ng *Association of the Southeast Asian Nations (ASEAN)* ay pumasok sa isang *Declaration against Trafficking in Persons Particularly Women and Children*. Ang Declaration ay nagbigay-diin sa

pangangailangan para sa isang pamamaraang pangrehiyon upang mahadlangan ang trafficking, kabilang ang paggawa ng mga aksiyon upang pangalagaan ang mga karapatan at karangalan ng mga biktima ng trafficking.³⁹ Ang *Coordinated Mekong Ministerial Initiative against Trafficking (COMMIT)* ay itinatag noong 2004 sa pamamagitan ng pagpirma ng isang MOU na nagtutok ng mga pumirmang pamahalaan ng Greater Mekong Sub-region sa pag-uugma at pagpapatatag ng kanilang pagsisikap laban sa trafficking, kabilang ang proteksiyon, pagbuti at muling pakikihalo sa lipunan ng mga biktima.⁴⁰ Sa ilalim ng proseso ng COMMIT, ang mga pumirmang pamahalaan ay nangakong makikipagtulungan laban sa trafficking alinsunod sa mga pamantayang internasyonal. Ang mga pambansang taskforce na binuo ng mga opisyal ng pamahalaan mula sa nauugnay na Ministro (kabilang ang pulisya, hustisya, serbisyong panlipunan at ugnayang pangkababaihan) ay gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga patakarang kontra sa trafficking at mga programa sa kanilang bansa na nakikita sa taunang mga plano ng COMMIT at mga kinalabasang plano sa aksiyon na isinasagawa sa buong bansa, kasama ng ibang bansa at ng maraming bansa sa pamamagitan ng pagiging magkapartner ng mga departamentong pampamahalaan at hindi pampamahalaang mga stakeholder, kabilang ang mga ahensiya ng UN, IOM, tagaganap ng pambayang lipunan at iba pang stakeholder.⁴¹

Ang isa pang halimbawa ng pulitikal na pangakong patatagin ang pangrehiyong koordinasyon ng mga pagsisikap sa proteksiyon ay matatagpuan sa *South Asian Association for Regional Cooperation (SAARC) Convention on Preventing and Combating Trafficking in Women and Children for Prostitution*.⁴² Sa ilalim ng Convention, ang mga Partidong pang-Estado ay nangakong magtatag ng mga bahay na may proteksiyon para sa mga biktima ng trafficking, at at sa paggawa nito ay magpahintulot at kumilala sa tungkulin ng mga organisasyong hindi pampamahalaan.

Sa antas na pambansa, ang koordinasyong pulitikal ay nangyayari sa maraming paraan, kabilang ang pagpasok sa mga pakikipag-ayusan ng mga tagaganap na pampamahalaan at hindi pampamahalaan upang mag-ugma ng kanilang pamproteksiyong mga tungkulin. Ang mga pamamaraan ay magkakaiba sa bawat Estado, ngunit karaniwan ay nagsasangkot ng isang pambansang koordineytor na isang mataas na opisyal ng pamahalaan o ahensiya, at isang komite o roundtable na binubuo ng mga nakatatasa na kinatawan ng mga ahensiyang pampamahalaan at mga grupong pambayan na nakikipagtulungan sa isat isa upang gumawa ng mga patakarang pambansa at pamprosesong rekomendasyon.

Tip: Gawing opisyal ang mga pambansang koordinasyon para sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking

Ang mga pambansang koordinasyon ay mas malamang maging maepekto kung sila ay gagawing opisyal, halimbawa, sa pagpirma ng isang Memorandum ng Pagkakaunawaan (MoU) na magsasaad ng mga tiyak na katungkulan at tungkulin ng bawat stakeholder.

39 Tingnan ang: <http://www.asean.org/communities/asean-political-security-community/item/asean-declaration-against-trafficking-in-persons-particularly-women-and-children-3>

40 Cambodia, China, Lao PDR, Myanmar, Thailand and Viet Nam.

41 Tingnan ang <http://www.no-trafficking.org/commit.html>

42 South Asian Association for Regional Cooperation (SAARC) Convention on Preventing and Combating Trafficking in Women and Children for Prostitution, 2002. Kabilang sa mga pumirma ang mga pamahalaan ng Bangladesh, Bhutan, India, ang Maldives, Nepal, Pakistan at Sri Lanka.

3.3. Koordinasyon sa antas ng pagsasagawa

Dahil ang ilang stakeholder ay maaaring kasangkot sa pagtiyak na ang mga biktima ng trafficking ay may proteksiyon, mahalaga na ang mayroong mga paraang pinag-ugma upang pahintulatang ang ibat ibang serbisyo ay magkomplemento sa isat isa sa pagbibigay ng angkop na tulong. Upang magtaguyod ng maepektong koordinasyon sa pagsasagawa at malapitan ng mga biktima ng trafficking ang mga angkop na pamproteksiyong serbisyo, ang mga Estado ay gumamit ng ibat ibang paraan sa panahon ng mga partikular na bahagi ng pagprotekta sa biktima.⁴³ Sa simula, makakatulong ang pagmamapa ng mga nauugnay na stakeholder, ang kanilang tungkulin at ang mga pamproteksiyong serbisyo na maibibigay nila.

Ang mga pamamaraan ng koordinasyon ng mga Estado at hindi pang-Estadong tagaganap ay naipaliwanag bilang *“isang kooperatibong balangkas kung saan ang mga tagaganap ng Estado ay tumutupad ng kanilang mga obligasyon upang protektahan at itaguyod ang mga karapatang pantao ng mga naitrapik na tao, nag-uugma ng kanilang mga pagsisikap sa isang maistratehiyang pakikipagsamahan sa isang pambayang lipunan.”*⁴⁴

Bagamat ang mga pangako sa antas na pulitikal ay nag-aalay ng isang balangkas para sa matatag na proteksiyon, ang isang karaniwang paraan ng pagpapapairal ng mga pangakong iyon ay kung gagawing opisyal ang koordinasyon ng mga pampamahalaan at hindi pampamahalaang stakeholder upang magbigay sa mga biktima ng paraang makalapit sa mga serbisyong pantulong at pamproteksiyon. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga angkop na tagapagbigay ng serbisyo sa ganitong paraan, ang pagsasagawa ng batas, patakaran at proseso ay bubuti.

Tip: Pagpapairal ng mga paraan ng koordinasyon

Ang pagpapairal ng koordinasyon upang tiyakin na ang pagtutulungan ng maraming ahensiya ay isang pangunang kailangan para sa tagumpay ng anumang istrategiyang pambansa o lokal upang mahadlangan at masugpo ang trafficking ng mga tao. Kabilang sa standard operating procedures (SAPs) (pamantayang proseso ng pagpapairal) na halimbawa ng mabuting pamamalakad ay ang madalas na pagmimiting pati pagtasa at pagmonitor ng mga paraang pinagkasunduan at ginagamit ng ibat ibang stakeholder.

Ang mga paraan ng koordinasyon ay magpapahintulot din sa pagpapalitan ng pinakamabuting pamamalakad sa maraming pamproteksiyong stakeholder. Makakasuporta sila ng pagtutulungan ukol sa proteksiyon na bilateral, pangrehiyon at internasyonal, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng isang tagaganap mula sa isang hurisdiksiyon sa mga tagaganap na laban sa trafficking sa ibang hurisdiksiyon. Pinakamainam na ang naturang mga paraan ay hindi lamang gagamitin bilang instrumento sa pagsuporta ng imbestigasyon at pag-uusig, kundi, unang-una, nakapokus sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking.⁴⁵

Ang maepektong mga paraan ng koordinasyon ay sapat na malawak upang mahuli ang lahat ng uri ng pagsasamantala (kabilang ang pagsasamantalang sekswal at sa trabaho at iba pang uri tulad ng pagtatanggal ng mahahalagang bahagi ng katawan), mga kataguri ng biktima (kabilang ang kalalakihan at mga batang lalaki pati na ang kababaihan at mga batang babae), at mga uri ng trafficking (kabilang ang panloob pati transnasyonal na trafficking). Ang maepekto at mahusay na paraan ng koordinasyon ay batay sa isang malinaw na pagsasalarawan ng mga tungkulin ng bawat ibat ibang ahensiyang kasangkot, kabilang ang pamunuan at pagiging may-pananagutan.

Ang mga komite ng ibat ibang departamento tungkol sa trafficking ng mga tao ay maaaring maging isang makakatulong na paraan ng koordinasyon, pagsasama-sama ng mga kinatawan mula sa pangkrimeng hustisya, trabaho, imigrasyon, trabaho at industriya, serbisyong panlipunan at iba pang nauugnay na sektor ng pamahalaan upang magmonitor sa pagsasagawa ng mga pambansang patakaran at talakayin ang mga lumalabas na isyu sa lahat ng departamento ng pamahalaan. Ang mga pambansang roundtable ay mapagtitipon upang magsilbi bilang pormal na paraan ng pagkonsulta ng pamahalaan at ng pambayang lipunan, unyon at mga stakeholder sa industriya. Ang mga working group ay maitatag din upang talakayin ang tiyak na mga isyu sa trafficking, o upang talakayin ang mga isyu ng pagpapairal sa mga kasong indibiduwal.

⁴³ Sa pagpapairal ng internasyonal na pakikipagtulungan Estado-sa-Estado tungkol sa trafficking ng mga tao, tingnan ang ASEAN Handbook on International Legal Cooperation in Trafficking in Persons Cases, ASEAN Secretariat, August 2010.

⁴⁴ National Referral Mechanisms, Joining efforts to protect the Rights of Trafficked Persons: A Practical Handbook, OSCE/ODIHR, 2004, p.15.

⁴⁵ Tingnan ang Human Trafficking: Joint UN Commentary on the EU Directive - A Human Rights-based Approach, OHCHR/UNHCR/UNICEF/ UNODC/UN Women and ILO, 2011, p.50 and Current NRM Developments in the OSCE Region, ODIHR, 2008.

Pagpapairal ng mga pangakong pulitikal upang patatagin ang koordinasyon sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking

Ang mga maepektong pangakong pulitikal (kabilang ang mga MOU) ay bumanggit ng ilang pangunahing elemento, kabilang ang:

- Ang **mga magkapartner** sa pangako, ang kanilang mga kautusan at ang mga lugar kung saan sila magpapairal
- Ang mga mahahalagang **tuntunin at layunin** ng pakikipagtulungan
- Ang **tinatarget na grupo** na makikinabang mula sa pangako
- Ang pakikipag-ayusan para sa ligtas at kompidensiyal na **palitan ng komunikasyon at impormasyon**
- Mga proseso para sa **pakikipagtulungan**
- Angkop na mga paraan para sa mga menor de edad.

Sa totoo, ang mga pangakong pulitikal ay ipinaiiral kung ang kanilang mga kapartner ay gagawa ng mga sumusunod na aksiyon upang protektahan ang mga biktima ng trafficking:

- Ang mga pangakong pulitikal ay may sapat na pangakong pampinansiyal na suporta
- Ang mga taong pinaghihinalaang biktima ng trafficking, ay tinatrato bilang mga biktima ng krimen para sa layunin ng panimulang tulong at proteksiyon, anuman ang kanilang pandarayuhang katayuan o pagkasangkot sa mga gawaing kriminal na bunga ng kanilang pagkatrapik
- Ipinapabatid nang pasalita at pasulat sa mga inaakalang biktima ng trafficking, sa wikang nauunawaan nila, ang mga oportunidad para sa proteksiyon at suporta
- Ang mga inaakalang biktima ng trafficking ay binibigyan ng panahon ng pagmumuni-muni
- Ang ligtas na akomodasyon at kailangang mga serbisyong pangsuporta ay maibibigay sa mga inaakalang biktima ng trafficking, anuman ang kanilang pandarayuhang katayuan o pagiging handang sumali sa isang pangkrimeng hustisyang imbestigasyon
- Ang nauugnay na magkapartner na Estado at NGO sa pagprotekta ay nagkokonsulta sa pagprotekta ng mga taong nagdesisyong makipagtulungan sa mga awtoridad ng pangkrimeng hustisya o magdesisyong bumalik sa pinagmulang bansa
- Ang mga magkapartner na Estado at NGO ay nagkokonsulta sa isat isa kung ang inaakalang biktima ng trafficking ay may hinaharap na panganib mula sa trafficker
- Ipinapabatid nang pasalita at pasulat sa mga biktima ng trafficking, sa wikang nauunawaan nila, ang darating na pambatas na proseso
- Ang mga inaakalang biktima ng trafficking ay sinasamahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo bago, habang, at matapos ang mga prosesong pambatas
- Ang mga biktima ng trafficking ay tumatanggap ng suporta para sa kompensasyon, pinansiyal na tulong, o reparasyon bilang pagkilala ng pinsala, kawalan at kapinsalaang dinanas
- Ang pamproteksiyong pangangailangan ng mga biktima ng trafficking ay itinuturing matapos ang proseso ng pangkrimeng hustisya upang suportahan ang kanilang patuloy na muling pakikihalo sa lipunan at ekonomiya, at mabawasan ang panganib ng paghihiganti at muling pagkatrapik.

Seksyon 4:

Buod ng mga tip para sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking



Sundin ang mga pangunahing tuntunin para sa proteksiyon ng mga biktima ng trafficking:

- Ang mga biktima ay hindi dapat ikulong, kasuhan o isakdal dahil sa pagpasok nang labag sa batas o sa pananatili sa isang Estado, o sa mga krimeng ginawa nila bilang resulta ng pagkakatrapik
- Ang mga biktima ay dapat makaabot sa sapat na pangangalagang pisikal at sikolohikal
- Ang mga biktima ay dapat bigyan ng pambatas at iba pang tulong sa anumang mga kriminal, sibil o iba pang paglilitis
- Ang mga batang biktima ng trafficking ay dapat bigyan ang angkop na tulong at proteksiyon, alinsunod sa kanilang espesyal na mga karupukan, karapatan at pangangailangan
- Ang mga biktima ay dapat garantiyahan ng ligtas na pagbalik (at kung maaari, boluntaryo) ng mga Estadong tumanggap at pinagmulan
- Ang mga biktima ay dapat makalapit sa mga maepekto at angkop na pambatas na lunas.



Ipairal ang mga pamproteksiyong kondisyon sa internasyonal na batas: Ang mga Estado ay hinihimok na sumunod sa mga halimbawa ng mga Estado na gumawa nang lampas pa sa pinakamababang pamantayang nasa Trafficking in Persons Protocol, halimbawa, sa pagsisimula ng mga sistema sa kompensasyon sa labas at dagdag pa sa mga kriminal na paglilitis.



Tiyaking ang mga pamamaraan ng proteksiyon ay nakasentro sa biktima:

Tiyakin na ang mga pamamaraan ng proteksiyon ng mga biktima ng trafficking ay nakasentro sa biktima, isinasaalang-alang ang kaligtasan ng mga biktima at ng kanilang mga pamilya at ang pagiging kompidensiyal ng impormasyon tungkol sa kanila. Ang mga pamproteksiyong programa ay dapat itukoy sa lahat ng biktima ng trafficking sa isang batayang walang pagtatangi-tangi at dapat maibagay sa mga indibiduwal na pangangailangan ng mga biktima, kabilang ang sa pakikipagtulungan sa mga espesyalistang organisasyon na hindi pampamahalaan.



Protektahan ang mga biktima kahit makipagtulungan sila o hindi: Dapat ipagtanggol ng mga Estado ang kanilang mga obligasyon na protektahan ang mga biktima, handa man sila o hindi na makipagtulungan sa mga proseso ng pangkrimeng hustisya



Protektahan ang mga biktima ng trafficking alinsunod sa pinakamabuting pamamalakad: Ang Guideline 6 ng *Office of the High Commissioner for Human Rights (OHCHR)* Recommended Principles and Guidelines on Human Rights and Human Trafficking ay nagpapayo na ang mga estado, at kung nauugnay, ang mga organisasyong pampamahalaan at hindi pampamahalaan, ay dapat isaalang-alang ang:

- Pagtiyak na ang mga biktima ay hindi pinipigil sa anumang pasilidad ng imigrasyon o iba pang uri ng detensyon
- Pagtiyak na ang mga biktima ay hindi ubligadong tumanggap ng anumang proteksiyon o tulong na hindi nila sinang-ayunang tanggapin
- Pagsasabi sa mga biktima ng kanilang karapatang makalapit sa mga kinatawang diplomatiko at sa konsulado mula sa Estado ng kanilang nasyonalidad
- Pangalagaan ang mga biktima laban sa mga banta, pinsala o paghihiganti mula sa mga trafficker, kabilang ang paggalang sa kanilang pagiging pribado at hindi paglalabas ng kanilang pagkakakilanlan.



Gumawa ng mga pagtasa ng panganib sa buong panahon ng proseso ng pangkrimeng hustisya: Ang pamproteksiyong pangangailangan ng mga biktima ay magkakaiba bago, habang, at makaraan ang paglilitis. Kaya, ang pinakamabuting pamamalakad para sa mga Estado ay ang paggawa ng mga pagtasa ng panganib sa bawat bahagi ng proseso upang matiyak na ang mga pamproteksiyong serbisyo na ibinibigay sa mga biktima ay naitaakma upang maepektong harapin ang kanilang mga nagbabagong pamproteksiyong pangangailangan.



Bago ang paglilitis ay suportahan ang mga biktima at saksi ng trafficking: Ang mga pamproteksiyong kondisyon ng Trafficking in Persons Protocol ay nagbibigay ng pinakamababang pamantayan para sa suporta sa mga biktima at saksi ng trafficking bago ang paglilitis. Dapat magkaroon ang mga Estado ng pormal na proseso sa pagbibigay ng naturang suporta. Ang mga may-kakayahang NGO at organisasyong pambayan na nakakaunawa ng proseso ng pangkrimeng hustisya at may espesyalistang pagsasanay sa pagbibigay ng suporta sa mga biktima ay makakatulong sa pagbibigay ng naturang mga serbisyon pangsuporta.



Suportahan ang mga biktima sa buong panahon ng proseso ng pangkrimeng hustisya: Ang mga Estado ay dapat magbigay sa mga biktima na masaklaw na impormasyon, sa wikang nauunawaan nila, tungkol sa mga opsiyon na makukuha nila kabilang ang pagiging mga saksi sa mga proseso ng korte. Ang mga Estado ay dapat ding magsikap na ang mga biktima ay makalapit sa independiyenteng pambatas na payo upang tulungan sila na maunawaan ang kanilang mga karapatang pambatas at obligasyon.



Maglagay ng mga pamproteksiyong hakbang para sa mga batang biktima at saksi ng trafficking: Maaaring isaalang-alang ng mga Estado na gumawa ng mga pamproteksiyong hakbang at pantulong sa testimonya para sa proteksiyon ng mga may-karupukang tao, na awtomatikong makukuha para sa mga batang biktima. Maaari ding isaalang-alang ang mga karagdagang proteksiyon, tulad ng pagpapahintulot ng paghaharap ng mga rekording sa video ng mga interbyu ng pulis sa mga batang biktima at/o saksi bilang punong ebidensiya. Gayunman, ang mga batang biktima ay hindi dapat kailanganing sunali, lalo na kung nakaranas sila ng sukdulang pagdurusa.



Tiyaking ang mga pantulong at pamproteksiyong hakbang ay hindi panghiikayat upang sumali: Ang mga pantulong at pamproteksiyong hakbang ay dapat ibigay sa isang paraan na hindi magiging anumang anyo ng panghihikayat na maaaring magpahina sa kaso ng taga-usig. Ang anumang ibibigay sa mga saksi, kabilang ang mga akomodasyon at visa, halimbawa, ay dapat ilata at bigyang-katwiran, at anumang pag-abuso ng suporta ay kilalanin at talakayin nang maagap.

- ✓ **Magbigay ng maepektong kompensasyon bilang bahagi ng maipagpapatuloy na pamproteksiyong lunas:** Dapat pag-isipan ng mga Estado na may mapagkukunan ng kompensasyon na maaabot ng mga biktima ng trafficking, sa labas ng proseso ng pangkrimeng hustisya. Dapat ding pag-isipan ang pagtiyak na makakaabot din sa kompensasyon ang mga biktima ng trafficking na hindi mamamayan.
- ✓ **Gawing opisyal ang mga pambansang koordinasyon para sa pagprotekta ng mga biktima ng trafficking:** Ang mga pambansang koordinasyon ay mas malamang maging maepekto kung sila ay gagawing opisyal, halimbawa, sa pagpirma ng mga MOU na nagsasaad ng mga tiyak na katungkulan at tungkulin ng bawat stakeholder.
- ✓ **Pagpapairal ng mga paraan ng koordinasyon:** Ang pagpapairal ng koordinasyon upang tiyakin ang pagtutulungan ng maraming ahensiya ay isang pangunang kailangan para sa tagumpay ng anumang istratehiyang pambansa o lokal upang mahadlangan at masugpo ang trafficking ng mga tao. Kabilang sa mabuting pamamalakad ang standard operating procedures, madalas na pagmimiting pati na ang pagtasa at pagmonitor ng mga hakbang na pinagkasunduan at ginagamit ng bawat stakeholder.

Ang Bali Process



Kontakin ang

Regional Support Office - The Bali Process

27th Floor Rajanakarn Building

3 South Sathorn Road, Sathorn Bangkok 10120, THAILAND

Tel. +66 2 343 9477 **Fax.** +66 2 676 7337

info@rso.baliprocess.net



Ang Bali Process

ukol sa Pagpapalusot ng mga Tao, Trafficking ng mga Tao
at Kaugnay na Krimeng Transnasyonal